**Social Sciences and Development Review**
Volume 18, No. 1, 2026

Polytechnic University of the Philippines




# Pagtataguyod sa Búhay, Dangal, at Ginhawa: Ang Pilosopiya ng Kasaysayan ng Pilipinas

# Nurturing Life, Dignity, and Comfort: The Philosophy of Philippine History

**Jon E. Royeca**
University of the Philippines Diliman
jeroyeca@up.edu.ph

**DOI:** https://doi.org/10.70922/j7pe1b35

Submit to this journal

Other related articles

**Announcements**

Other PUP Journals

**Article History:**

Date received: September 8, 2025
Date accepted: March 25, 2026

**How to Cite this paper:**

Royeca, Jon E. (2026). Pagtataguyod sa Búhay, Dangal, at Ginhawa: Ang Pilosopiya ng Kasaysayan ng Pilipinas. *Social Sciences and Development Review,* (18)1, pp. 1-34. https://doi.org/10.70922/j7pe1b35

**Other citation formats:**

MA Chicago

Please contact the publisher for any further use of this work at socialsciencesreview@pup.edu.ph.

Copyright © 2026

CC BY-NC 4.0

# Pagtataguyod sa Búhay, Dangal, at Ginhawa: Ang Pilosopiya ng Kasaysayan ng Pilipinas

# Nurturing Life, Dignity, and Comfort: The Philosophy of Philippine History

**Jon E. Royeca**
University of the Philippines Diliman
jeroyeca@up.edu.ph


## ABSTRAK

Sa mga pag-aaral tungkol sa nakaraan ng ating bansa, namumukod-tangi ang mga paaralan ng diwang pangkasaysayan na matagal nang nag-iiwi at gumagabay sa atin hábang binubungkal natin ang nakalipas. Naririyan ang lenteng Pilipino ni Rizal, ang "makabayang kasaysayan" nina Agoncillo at Constantino, ang "pantáyong pananaw" ni Salazar, ang "kasaysayan mula sa ibaba" ni Ileto, at ang "mga kaloobang bayan" ni Villan. Kapuri-puri ang ganitong mga ambag na dalumat ng ating magigiting na mananalaysay o historyador, dahil lalo nating nasasangab ang pinagdaraanan ng ating lahi. Subalit sa pangkalahatan, hindi pa ring ganap na naaapuhap ng mga pag-aaral kung ano nga ba ang tinutumbok ng kasaysayan ng ating bansa. Gamit ang mga primarya at sekondaryang batis at mga kontemporaneong pag-aaral, hangad ng papel na ito na patunayan na ang pagtataguyod sa mga kaloobang bayan na *búhay, dangal,* at *ginhawa* ang siyang layunin, pilosopiya, o kung para saan nga ba ang kasaysayan ng Pilipinas.


**Mahahalagang salita:** *kasaysayan, mga kaloobang bayan, kasaysayan ng Pilipinas, pilosopiya ng kasaysayan ng Pilipinas*


## ABSTRACT

Among the studies on our nation's history, the schools of historical thought that have long inspired and guided us while we delve into the past stand out. There are the Filipino lens by Rizal, the "nationalist history" by Agoncillo and Constantino, the "history from below" by Ileto, the *pantayong pananaw* (from-ours-to-ours perspective) by Salazar, and the *kaloobang bayan* (nation's virtues) by Villan. Laudable are these contributions by our esteemed historians, since they help us in digging deeper into what has our race experienced. However, by and large, the studies have not yet fully grasped

what our nation's history is really for. Using primary and secondary sources and contemporary studies, this paper aims to prove that championing our people's virtues such as *búhay* (life), *dangal* (dignity), and *ginhawa* (comfort) is the goal, philosophy, or for what the history of the Philippines really stands.

***Keywords****: history, nation's virtues, Philippine history, philosophy of Philippine history*

## PANIMULA

Ang kasaysayan ng Pilipinas ay hindi mga talâ lámang ng mga sunod-sunod na pangyayari na naganap sa bansa; sa isang rehiyon, lalawigan, lungsod, munisipalidad, barangay, o institusyon; sa isang tao; o sa isa o higit pang pangkat ng mga tao. Ang kasaysayan ay lalong hindi ang pagbutingting sa mga pangyayari sa nakaraan na walang kabuluhan, o ang paggawad ng kung ano-anong mga bansag sa mga dakila at tanyag na tao. Hindi rin ito ang pagsasaulo lámang ng mga pangyayari sa nakaraan. Kayâ, iinog ang pagtalakay ng papel na ito sa tanong na "Bakit lumilikha ng kasaysayan ang mga Pilipino?". At sa pagsagot sa tanong na iyan, patutunayan nga rito kung ano ang layunin, pilosopiya, o kung para saan nga ba ang kasaysayan ng Pilipinas. Ang pilosopiyang iyan ay hindi ang mga Kanluranisadong pilosopiya ng kasaysayan na itinuturo sa mga pamantasan. Iyan ang pilosopiyang bumubukal mula sa danas ng Bayang Pilipino.

Kapansin-pansin na ang mga nalilikhang kasaysayan nating mga Pilipino ay tigib ng dugo at mga digmaan. Bakit nangangayaw ang mga sinaunang Pilipino? Bakit ang mga bayani sa mga epiko ay nakikihamok? Bakit naghimagsik ang mga Pilipino laban sa mga mananakop na Espanyol mula 1587 hanggang 1896? Bakit nakipagdigma ang mga Pilipino laban sa mga Amerikano at Hapones? Dahil ba nais natin na lagi táyong malaya? Ang paglaya lámang ba ang tanging dahilan kung bakit lumilikha ng kasaysayan táyong mga Pilipino? Ang sagot sa mga tanong na iyan ay ang pilosopiya nga na tinutukoy sa papel na ito.

*Kaligiran ng pag-aaral*. Ang pag-aaral sa Pilipino ng mga Pilipino—ng kaniyang diwa, kaluluwa, pagkatao, lipunan, kalinangan, at kasaysayan, ay unang umusbong sa panahon nina Rizal noong dekada 1880, subalit tuluyang namayagpag lámang noong dekada 1970. Pinamayanihan ang pagpapakapilipino ng agham panlipunang Pilipino sa hulíng nabanggit na dekada ng *triumvirate* o tatlong haliging iskolar: ang historyador na si Zeus A. Salazar, ang sikologong si Virgilio G. Enriquez, at ang antropologong si Prospero R. Covar. Tinatanaw sina Rizal at ang tatlong haligi bílang mga pinagkakautangan ng loob ng agham panlipunang Pilipino.

Ang *pantáyong pananaw* ni Zeus A. Salazar ay pag-aaral sa metodolohiya, pilosopiya, at pamamaraan sa pagsusulat ng kasaysayan. Nalinang ito ni Salazar noong mga unang taon ng dekada 1970, dahil nasaksihan niya na ang pag-aaral sa kasaysayang Pilipino ay hindi *pantáyo* (mula at para sa mga Pilipino) kundi *pangkami* o elitista: wikang banyaga ang ginagamit, at ang pagtingin sa bansa bílang isang paksa ng pag-aaral ay nagmumula sa labas at hindi mula sa loob at para sa loob, at hindi napipiga ang mga konsepto, pandama, at diwa ng mga táong tinatalakay (ang mga Pilipino). Nang naitatag ng mga elitista ang Nasyon noong 1946, nagkaroon ng "dambuhalang pagkakahating pangkalinangan" o nahati ang kapilipinuhan sa dalawang bahagi: "ang kultura-at-lipunan ng akulturadong elite na ang wika ay Ingles-Amerikano... habang sa kanayunan at mga lalawigan ay nanatili naman ang mga wikang rehiyonal na siyang pinag-ugatan (at patuloy na pinaghahanguan) ng kalinangang bayan." Isinulong ni Salazar ang *pantáyong pananaw* bílang isang kasangkapang pangkalinangan na magagamit sa pagkakabuklod ng isang pangkat ng mga tao na may sariling wika at kultura (Salazar, 1991). Pinukaw pa ni Salazar na kabílang ang mga Pilipino sa *Dunia Melayu* (Daigdig ng mga taga-Timog Silangang Asya); kayâ, ang pagkilala sa Pilipino ay dapat ngang dalumatin sa mga likas na kaakuhan, kalinangan, at wika, na nananahan din sa mga karatig-lahi sa naturang rehiyon (Salazar, 1998).

Si Enriquez ang nagpasimuno sa paggamit ng wikang Pilipino (nagsisimula pa sa titik *P* nang mga panahong iyon [1978]) sa pag-unawa ng sikolohiyang Pilipino. Naniniwala si Enriquez na ang "wika ng Pilipinas ay mabuting panimula, kung hindi man higit na mainam sa karamihan, sa pag-unawa ng kaugaliang Pilipino," dahil para sa kanya "ang katutubong wika ay mayamang balon ng mga konseptong makabuluhan at mahalaga sa katutubong kalinangan." Kabílang sa mga kaloobang Pilipino na pinag-aralan niya hábang ginagamit ang katutubong wika ay *hiya*, *pakikisama*, *utang na loob*, *amor propio*, at *bayanihan*. Ang mga kaloobang pang-rehiyunal ay *maratabat* (masalimuot na paghahalo ng angas, dangal, at hiya), *balatu* (pagbabahagi ng kapalaran sa iba), *ilus* (pagbabahagi ng labis na pagkain), *kakugi* (maingat at mabusisi), *patugsiling* (awa), *kalulu* (pakikiramay), *hataggusto* or *pagbibigay* (palabigay), *paghiliupod* (katapatan sa panahon ng pangangailangan o kalabisan), at *pagsinabtanay* (pagtupad sa pangako). Kinilala ni Enriquez at ng kapwa iskolar na si Carmen Santiago ang walong antas at paraan ng pakikipagtalaban sa wikang Filipino: *pakikitungo*, *pakikisalamuha*, *pakikilahok*, *pakikibagay*, *pakikisama*, *pakikipagpalagayan/ pakikipagpalagayang-loob*, *pakikisangkot*, at *pakikiisa* (Enriquez, 1978).

Ipinakilala ni Covar ang *bang*a bílang wangis ng pagkatao ng Pilipino: may *labas*, *loob*, at *lalim*, at pinagagalaw ng talaban ng *budhi* at *kaluluwa*. Nasasaklaw ng *labas* ang mukha, dibdib, tiyan, at sikmura; ng *loob* ang isipan, puso, bituka, at atay; at ng *lalim* ang kaluluwa at budhi. Pinagpangkat pa ni Covar ang mga bahagi ng katawan sa apat na pares na siyang nagtatakda sa pagkataong Pilipino. Ang mukha at isipan, ang dibdib at puso, ang tiyan

at bituka, at ang sikmura at atay. Ang mukha ng Pilipino ay nangungusap ng sariling pagkatao batay sa kung ano ang inihahayag nito (malagkit ang tingin, ngiping nagngangalit, magilas, at iba pa), samantalang ang isipan ay katambal ng mukha, ang luklukan ng pang-unawa, at ang pinagmumulan ng diwa, kamalayan, ulirat, talino, at bait. Ang dibdib ang pandama ng damdamin (dibdiban, maluwat ang dibdib, masikip ang dibdib, at mababang dibdib), at ang puso ay hindi katulad ng Kanluranisadong iniuugnay sa búhay kundi sagisag ng mga uri ng pagkatao (matabang puso, pusòng bato, walang puso, isapuso, at mahabaging puso). Ang tiyan ay naglalarawan ng kabusugan, katakawan, sakít na katulad ng bulate, o kasakiman; ang bituka naman ay naglalarawan ng kalagayan ng pagkatao kung ito ay sala-salabid o nahaharap sa maraming balakid. Ang sikmura ay ginagamit na pantantiya ng damdamin, isip, kilos, at gawa ng ibang tao: masamâng sikmura (hindi mabuti ang pakiramdam), mahapdi o maasim ang sikmura (hindi matanggap ang isang bagay), at malakas ang sikmura (naiinda ang mga bagay, maging ang mga karima-rimarin na pangyayari); ang kulay ng atay ng kinatay na baboy ay ginagamit sa tawas upang malaman ang kapalaran ng isang balak: kung dilaw, makakamit ang tagumpay; kung maitim, sakuna ang sasapitin. Ang maitim ang atay ay inilalarawan ang táong walang galang o pagpapahalaga sa kanyang mga kilos at hakbang (Covar, 1993).

Sa kanyang artikulong "Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa wikang Filipino: Pagpopook at pagdadalumat sa loob ng kapantasang Pilipino," komprehensibong tinalakay ni Mary Jane B. Rodriguez-Tatel ang malawak nang inihakbang ng *Philippine Studies* o Araling Pilipino sa nakaraang 125 taon. Nagsimula ito nang arukin ng mga propagandistang Pilipino sa Europa noong dekada 1880 ang kanilang pagiging Pilipino. Naging bahagi ito ng mga aralin sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman (UP Diliman) pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, subalit sumususog ito sa mga Kanluranisadong pag-aaral. Pagsapit ng dekada 1970, naglagablab ang mga makabayang kilusan at nahawa ang agham panlipunang Pilipino. Pumasok "ang *pagpopook* (*recontextualization*) at *muling pagdadalumat* (*reconceptualization*) ng *Philippine Studies* patungong 'Araling Pilipino' at 'Pilipinolohiya.'" Umusbong ang indihenisasyon ng *Philippine Studies*. Malaking pihit ito mula sa pagiging Amerikanisado. At nanaig ang mga Pilipinong konsepto na *diwa*, *kalooban*, *kamalayan*, *ulirat*, *isip*, at *kaluluwa* sa pagdalumat sa Bayan at pagkataong Pilipino (2015). Hinihikayat ng masinsing akda ni Rodriguez-Tatel ang lalo pang pagpapakapilipino ng Pilipino. Para sa may-akda, ang Pilipino ang dapat pag-alayan ng mga pagpapagod ng mga Araling Pilipino. Silá ang dapat dalumatin ng mga pag-aaral. Ang aking papel ay isang pagsusog sa panawagang ito ni Rodriguez-Tatel. Isang tangka ito ng lalo pang pagpapakapilipino ng pagsasakasaysayan.

Dahil sa mga kilusang para sa mga araling Pilipino, nagbukas ng mga kursong di-gradwado at gradwado na *Philippine Studies* ang TriCollege at Departamento ng Filipino at

Panitikang Pilipino (DFPP) ng UP Diliman at Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP), *Pilipinolohiya* ang DFPP, at *Filipinolohiya* ang PUP. Sa mga konsepto at wika pangunahing nagkakaiba ang mga kurso. Ginagamit sa *Philippine Studies* ang mga interdisiplinaryong lapit at perspektiba tungkol sa Pilipino na akda ng mga Pilipino at dayuhan, at ang mga wikang Ingles at Filipino; samantalang sa *Pilipinolohiya*, ang ginagamit ay mga lapit at perspektiba sa wika, kultura, at panitikan na tungkol sa Pilipino na katha ng mga Pilipino, at ang Filipino ang pangunahin kung hindi man natatanging wikang ginagamit.

***Halaga ng pag-aaral.*** Sa pagtukoy sa kung ano ang pilosopiya ng kasaysayan ng Pilipinas, inaasahan na magkakaroon na ng iisang tuon o direksiyon ang mga pag-aaral sa disiplina ng kasaysayan. Sa kasalukuyan, mataas na ang antas ng pag-aaral sa kasaysayan, subalit wala pang malinaw at tiyak na dapat landasin ng disiplinang ito. May kanya-kanyang pananaw kung paano dapat ito gumalaw at kung kanino at saan dapat tumutok. Kapag naitatag na ang pilosopiyang tinutukoy sa papel na ito, lalong magiging mainam at maningning ang pag-aaral natin sa kasaysayan ng bansa.  Ang pagtukoy sa pilosopiya ng Pilipinas ang hamak na ambag ng papel na ito sa araling Pilipino.

***Metodolohiya.*** Matagal nang nakaungos ang historiograpiyang Pilipino mula sa tanikalang Rankean o ang pagsasakasaysayang "walang dokumento, walang kasaysayan." Hindi na lámang nakatuon sa mga pangyayari, politika, at mga imperyong lungsod ang pagsusulat ng kasaysayan. Lalong hindi na rin lámang ito ang paglamon sa mga talâng pansinupan. Unti-unting nanganak ang *pantáyong pananaw* sa mga artikulo, diyornal, at aklat.


Sa *LIKAS: Dyornal ng Kasaysayan* (nalathala noong 1976) na pinamatnugutan ni Nilo S. Ocampo, para sa mga may-akda ng kalipunang ito, sa pagsasakasaysayan, ang wikang Pilipino ang dapat gamitin, ang damdaming makabayan ang dapat manaig, at ang tinig ng mga karaniwang mamamayan ay dapat mapangkinggan at maitalâ. Sa aklat na *Paksa, Paraan, Pananaw sa Kasaysayan* (1992), isa ring kalipunan ng mga sanaysay tungkol sa historiograpiya na pinamatnugutan nina Maria Bernadette L. Abrera at Dedina A. Lapar, iginiit ng mga may-akda ang pagpapalaya ng historiograpiyang Pilipino mula sa Kanluranisadong pagkakabihag nito sa pamamagitan ng interdisiplinaryong pag-aaral sa kasaysayan, na matutunghayan sa mga katutubong konsepto katulad ng mga pabigkas na kasaysayan (*oral history*), malalimang pag-aaral sa mga salita ng iba't ibang katutubong wika, at pag-unawa sa danas at damdamin ng bayan (Abrera at Lapar, 1992). Naging paksa rin ang kaakuhang Pilipino na ipinipintig ng *pantáyong pananaw* sa mga aklat na *UP LIKAS—Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan* (1998) na pinamatnugutan nina Atoy M. Navarro at Raymond Arthur G. Abejo; *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan* (2008) na pinamatnugutan nina Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, at Vicente C. Villan;

at *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo* (2012) nina Atoy M. Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre. Sa hulíng nabanggit na aklat, layon ng mga may-akda na iharap "sa mga kasaysayang pampook ang pagkakaugnay at pag-uugnay (bukluran man at/o tunggalian) ng mga pook sa loob ng higit na masaklaw na kasaysayang bayan." Isinaalang-alang nila ang "mga aspektong ekonomiko, heograpikal, kultural, at/o sosyal at pagkakaugnay at pag-uugnay ng mga pook," dahil ang mga pangkat etnolinggwistiko ay "hindi nagpapatali sa mga hangganan ng aspektong administratibo, militar, at/o pulitikal ng isang pook" (Navarro et al., 2012).

Naimpluwensiyahan ng punòng diwa ng *pantáyong pananaw* (ang paggamit ng wikang Filipino) ang mga araling pangkapaligiran at kasaysayang pangkapaligiran ni Ma. Florina Yamsuan Orillos-Juan. Upang higit na malasap ang pakikibagay ng tao sa kanyang kapaligiran, mahalagang gamitin ang wikang Filipino at mga katutubong pananaw, na pawang bumubukal sa kanyang kaibuturan. Magiging makabuluhan ang pag-aaral sa kapaligiran kapag ginagamit ang Filipino, dahil ilalayo nito ang gayong pag-aaral sa Kanluranisadong pag-unawa at pagkilatis nito. (Orillos-Juan, 2016). Ang wikang Filipino rin ang isinaalang-alang ni Nancy Kimuell-Gabriel sa mga Araling Kababaihan at Kasarian na nililirip ang mga danas ng mga babae sa kalunsuran, karahasan, kalamidad, pangingibayang-bayan, pananampalataya, sining, at iba pa, at aniya'y mataas na ang antas na inabot nito kahit nagsimula ang mga ito sa wikang Ingles (Kimuell-Gabriel, 2017). Napansin ni Roderick C. Javar na ang pagsusulat ng talambuhay sa Pilipinas ay nakakawing sa mga kolonyal na tradisyon, na ang karaniwang kinikilatis ay mga personal at anekdotal na detalye. Ang katutubong pagsasakasaysayang búhay ay katulad ng mga epiko ng mga sinaunang Pilipino na ang mga tinatalakay ay ang mga pakikipagsapalaran ng mga bayani na may kaugnayan "sa pananaw ng bayan at nasa sistemang pangkalinangang nauunawaan at gagap ng taumbayan" (Javar, 2016). Ang mga *panubliong bahandi* (pamanang bayan) sa Kabisayaan, na maaaring *pagkabutang* (pagmamay-ari at kayamanan), *surundon* (paniniwala at pananagutan), at *pamatasan* (halagahin at kaasalan), ay kinasangkapan ni Vicente C. Villan "hindi lamang para sa pagpapalawak ng perspektibang pangkasaysayan, kundi higit sa lahat, magpapalalim ng pangkasaysayang pagsisiyasat, at pagbibigay-laman sa praksis ng nililikhang pambansang kasaysayan" (Villan, 2017a). Ang isang mabuting halimbawa niya ang larong sungka. Nagiging hugpungan ito ng mga tao—mga manlalaro at mga tagapanood—hindi lámang sa punto ng libangan, kundi maging sa pagkilala sa "kahalagahan nito bilang pangkomunidad na gawain" at bílang "bahagi ng isang malawak na pagsasama-sama ng isang komunidad" (Villan, 2023). Inilahad ni Carlos P. Tatel Jr. na ang mga *liktao* ay mga likha ng tao sa nakaraan na ang diwa, halaga, at kabuluhan ay nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan, katulad ng layunin ng paglalagay ng mga buto ng mga ninuno sa mga banga upang maingatan ang mga iyon. Ang mga ito ay kultura o "mga naiwang bakas ng sinaunang kasaysayan" na nangangailangan nang masusing "paghuhukay." Naiiba ang mga liktao

sa mga artepakto, na nabalaho sa nakaraan, hindi na nagagamit sa kasalukuyan, at mga gunita na lámang ng lumipas (Tatel, 2018). Pinaksa ni Adonis L. Elumbre ang makatuwirang talakayan sa mga araling pandaigdigan (*international studies*) upang mailapat sa katutubong wika (*vernacularizing*) ang mga konseptong dayuhan at pandaigdigan (Elumbre, 2020). Tinalakay naman ni Atoy M. Navarro na ang Araling Kabanwahan, na siyang ugnayan ng mga bayan at kabihasnan sa loob ng talastasang Pilipino, ay isang mainam na alternatibo sa Araling Pang-Erya na nakauton sa mga partikular na heograpikal, nasyonal, at kultural na lugar (Navarro, 2021).

Sa gagawin ko namang pagdalumat sa papel na ito, gagamitin ko ang lapit na pagsusuring pangkasaysayan (*historical analysis*). Sa pagsasakasangkapan ng lapit na iyan, may tatalakaying tatlong pangunahing bahagi ang papel nito: ang sinapit na ng mga pag-aaral sa kasaysayan, kung ano ang kasaysayan, at kung ano-ano ang kaloobang bayan. Mula sa unang bahagi, mamumukod ang ikalawa. Mula sa ikalawa, bubulwak ang ikatlo. At mula sa tatlong bahaging ito ay lilitaw ang pilosopiya ng kasaysayan. Nagpipingkian ang mga pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas, ang mga kahulugan ng kasaysayan, at ang mga kaloobang bayan patungo sa pagtumbok sa pilosopiya ng kasaysayan ng Pilipinas. Narito ang semantikang pagmamapa ng papel na ito:




*Ang Pingkian para sa Pilosopiya ng Kasaysayan ng Pilipinas*

**Ano-ano ang Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas?**

Mayayabong sa mga paksa tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas ang tinatalakay ng mga historyador na Pilipino. May mga kinabibilangan siláng mga kategorya batay sa kanilang mga napiling paksa. Ang sarbey ng papel na ito tungkol sa mga kategoryang kinabibilangan ng mga historyador ay hindi pagkakahon sa kakayahan ng mga historyador, kundi pagtatalaga sa sadyang kinalalagyan ng kani-kanilang mga sinusulat.

May mga pangkalahatang historyador (*general historian*). Silá ang mga nagsusulat ng mga aklat tungkol sa pangkalahatang kasaysayan (*general history*) ng Pilipinas mula sa sinauna hanggang sa makabagong panahon. Nahahanay silá sa unang henerasyon ng mga historyador na ang mga aklat ay ginamit bílang mga babasahín sa mga paaralan. Kabílang sa mga aklat na iyon ang *Philippine Progress Prior to 1898* (nalathala noong 1916) ni Conrado

F. Benitez, *A Brief History of the Philippines* (1919) ni Leandro H. Fernandez; *Philippine Political and Cultural History* (1949) at *The Pageant of Philippine History* (1979) ni Gregorio F. Zaide; *Political and Cultural History of the Philippines* (1954) ni Eufronio M. Alip; *History of the Filipino People* (1960) ni Teodoro A. Agoncillo; *A Short History of the Philippines* (1966) ni Nicolas Zafra; at *The Philippines: A Past Revisited* (1975) ni Renato R. Constantino.

May mga períodong historyador (*period historian*). Silá ang mga tumatalakay sa mga natatangi o ispesipikong panahon ng bansa katulad ng sinaunang panahon, panahon ng pananakop ng mga dayuhan, at panahon ng republika. Maaaring ang panahong tinatalakay ay may iilan lámang o maraming taon. Ang ilang halimbawa ay ang *The Philippine Republic* (1926) ni Fernandez; *History of the Katipunan* (1939) ni Zaide; *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan* (1956) ni Agoncillo; at *The Filipino-American War, 1899-1913* (2002) ni Samuel K. Tan.

May mga biograpo (*biographer*). Silá ang mga nagsusulat ng mga akda tungkol sa búhay, mga gawa, at kamatayan ng isang tao. Kadalasang ang tungkol sa mga bantog na tao ang sinusulat nila. Ang dalawa sa pinakatanyag na biograpiya ay ang *Jose Rizal: Life, Works, and Writings* (1957) ni Zaide at *Rizal's Life, Works, and Writings* (1974) ni Pedro A. Gagelonia.

May mga lokal na historyador (*local historian*). Silá ang mga nagsusulat ng mga akda tungkol sa iniunlad ng isang rehiyon, lalawigan, lungsod, munisipalidad, o barangay. Kumalas silá mula sa pagtutok sa pangkalahatang kasaysayan ng bansa. Pinatutunayan ng mga akda nila na ang lokal na kasaysayan na maaari ring galugarin at ihambing sa pangkalahatang kasaysayan ng bansa. Naririyan ang mga aklat na *A History of Pangasinan, 1572-1800* (1966), *Pangasinan 1801-1900: The Beginnings of Modernization*, at *Pangasinan 1901-1986:* A *Political, Socioeconomic and Cultural History* (1986) ni Rosario M. Cortes; *History of Bulacan* (1971) ni Francisco Calalang; *History of Cebu* (1980) nina Resil B. Mojares at Marian P. Diosay; *Katutubo, Muslim, Kristyano: Palawan, 1621-1901* (1985) ni Nilo S. Ocampo; *Manila, My Manila* (1990) ni Nick Joaquin; *From Ibalon to Sorsogon*: *A Historical Survey of Sorsogon Province to 1905* (1991) ni Luis Camara Dery; *Palanyag* to *Parañaque*: *A History* (2001) ni Dulce Festin-Baybay; *The Balangiga Conflict Revisited* (2003) ni Rolando O. Borrinaga; *Naga: The Birth and Rebirth of a City* (2003) ni Danilo Gerona; *Butuan of a Thousand Years* (2004) ni Greg Hontiveros; "Pu-od Romblon: Kasaysayang Pampulitika ng Lalawigang Kapuluan, 1896-2006" (tesis pangmasteral sa UP Diliman, 2010) ni Kristoffer R. Esquejo; *Kasaysayan ng Bacoor, 1671-1900* (2019) ni Emmanuel F. Calairo; *Bayan ng Tayabas: Kasaysayan* at *Kalinangan (1575-1985)* (2016) ni Ryan V. Palad; *A Decade of Trauma, Grievance, and Resiliency: The Testimonial Narratives of the Victims of 2009 Ondoy Flood Disaster in Marikina City, Philippines* (2022) ni Axle Christien J. Tugano; at *Ang Bayan ng Tagagiik: Isang Kasaysayang Pampook* (2024) ni Jolan S. Saluria.

May mga historyador ng indihenisasyon (*indigenization historian*). Noong dekada 1970 nga, nagkaroon ang agham panlipunang Pilipino ng mga kilusang pagkalas mula kolonyal na gahum. Hinangad nila ang *indigenization* o pagsasakatutubo ng mga araling Pilipino. Nanguna nga sa Pilipinisasyon ng kasaysayan ng Pilipinas si Zeus A. Salazar sa pamamagitan ng noon ay punla pa lámang na *pantáyong pananaw*. Ang ilan sa mga naging masigasig na tagapagtaguyod nito, na siyang ikalawang henerasyon nito, ay sina Jaime Veneracion, Nilo Ocampo, Ferdinand Llanes, Vicente C. Villan, Portia L. Reyes, Efren B. Isorena, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, Myfel Joseph Paluga, Nancy Kimmuel-Gabriel, Atoy M. Navarro, at Jose Rhommel B. Hernandez (Guillermo, 2014). Nananatiling maalab ang *pántayong pananaw* nang pumasok ang ikatlong henerasyon ng mga tagapagtaguyod nito, katulad nina Axle Christien J. Tugano at Mark Joseph P. Santos. Sa mga araling paglalakbay (*travel studies*) ni Tugano, binigyang-pansin niya ang mga katutubong lente ng *banwa* (pamayanan) at *layag* (paglalakbay) na makapagpapaliwanag sa mga talakayan ng pangingibang-bayan hindi lámang sa pisikal na paglisan ng mga Pilipino kundi pati na rin ng kanilang dala-dalang kultura at kung ano ang isinasagisag ng kulturang iyon - ang kanilang kinagisnang pagkakalilanlan (Tugano, 2022). Para kay Santos, sa kanyang araling teolohiya (*theological studies*), ang *pantáyong pananaw* ay isang *antidote* o pamatay-bisa na mapagyayaman ang teolohiyang Pilipino kung gagamitin ang mga konseptong panloob, wikang Filipino, pagsasalin, at pagpapalago sa diwa ng mga teologong Pilipino. Isa itong malaking talon patungo sa pagbuo ng Teolohiyang Pilipino na mapakikinabangan ng lipunang Pilipino (Santos, 2023).

Maging ang mga mag-aaral sa kasaysayan sa klase ni Salazar sa PUP ay nakapag-ambag ng mga aklat pangkasaysayan. Pinahalagahan ng mga patnugot na sina Alexander P. Asumbrado, Paula Louise L. Monilla, Aira Lei L. Nunag, at Audrey Stephanie L. Quibot sa kanilang aklat na *Ang Pilosopiya ng Kasaysayang Rehiyunal; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar* (2019) na ang pagsasakasaysayan ay hindi lámang dapat nakatutok sa Maynila (Manila-centric), at ang lokal na kasaysayan o ang mga talâ sa mga rehiyon at bayan-bayan ay magagamit ding pundasyon ng kasaysayang pambansa at ng kasaysayang pandaigdigan (Santos, "Paunang Salita," Asumbrado et al., 2019). Sa pinamatnugutang aklat na *LOOB: Ang Saklaw ng Kasaysayan ng Bansa* (2019) ng mga naging mag-aaral din ni Salazar sa PUP na sina John Adrianfer Atienza, Danica Dela Paz, Joce Anne Magpayo, at Argen Rivas, natukoy ang *loob* o "'nasa kaibuturan' o 'nasa ilalim' bilang himaymay o hibla ng tinatawag na KAPILIPINUHAN – ito man ay ang BANSA o ang KABIHASNAN" (Rodriguez-Tatel, M. J. B. sa Atienza, et al., 2019). Sa aklat na *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar*, na binubuo ng mga sanaysay ng mga mag-aaral pa rin sa kasaysayan ni Salazar, at pinamatnugutan nina Mark Joseph P. Santos at Axle Christien J. Tugano, nahubog din na ang pagsasakasaysayan ay mahahagilap sa iba pang disiplina, katulad

ng antropolohiya, arkeolohiya, sosyolohiya, linggiwistika, panitikan, ekonomiks, agham pampulitika, at pelikula. (Santos, M. J. P. at Tugano A. C. J., 2019).

May mga temátikong historyador (*thematic historian*). Pagsapit ng dekada 1980, ganap nang nagiging *passé* o nalalaos na raw ang pagsusulat ng mga pangkalahatang kasaysayan, ayon sa naging kamag-aral ko sa MA Kasaysayan sa UP Diliman na si Gloria E. Melencio. May mga historyador na Pilipino na tumututok sa mga natatanging paksa sa nakaraan. Nalathala ang mga aklat na katulad ng *Pasyon and Revolution* (1979) ni Reynaldo C. Ileto; *The Philippine Independence Missions to the United States, 1919-1934* (1984) ni Bernardita R. Churchill; *Working Women of Manila in the 19th Century* (1995) ni Maria Luisa T. Camagay; *Filipino Muslim Perceptions of their History and Culture as Seen through Indigenous Sources* (2003) ni Tan; *Traditional Medicine in the Colonial Philippines: 16th to 19th Century* (2016) ni Ma. Mercedes G. Planta; *Dogs in Philippine History* (2023) ni Ian Christopher B. Alfonso; at *Sa Ngalan ng Tigaman (Santigaman): Saksi ang Mamaratbat at Babaylan* (2024) ni Gloria E. Melencio.

May mga trivialista (*trivialist*). Silá ang mga nagbubutingting ng kung ano-anong maliliit na paksa sa nakaraan, katulad ng kung gaano katalas ang sundang ni Bonifacio, kung gaano kalapad ang sombrero ni Rizal, kung ano ang kulay ng mga palda ni Tandang Sora, at kung ilan ang naging kasintahan ni Dagohoy. Mayroon namang mahilig maggawad ng mga parangal na kung sino ang ama ng himagsikan, ama ng Katipunan, ama ng Biak-na-Bato, ina ng Pugad Lawin, ina ng Himagsikang Bisaya, at kung sino-sino pang ama at ina ng kung ano-anong mga pangyayari dito at doon. Ito ang kasaysayang pangmadla na kinagigiliwan ngayon ng mga tao, lalo na sa medya sosyal katulad ng Facebook, Instagram, at TikTok, dahil likas sa tao na usisain at maaliw sa mga bagay na may kinalaman sa búhay at gawa ng kapuwa tao. Naaaliw ang marami kung ano ang almusal ni Rizal, kung bakit nakadalawang asawa si Bonifacio, at kung bakit pinatay ni Juan Luna ang kanyang asawa. Sa pamamahayag (*journalism*), may *human interest* (pang-akit sa tao) na tinatawag sa mga balita na kung iniwawagayway ng mga tagapagbalita ay nakapanghihigop talaga ng pansin ng mga tao. Ganito rin sa nakaraan. May mga pangyayari noon na kung binubungkal ngayon ay nakapanghihila ng pansin at nakapang-aaliw ng mga tao. Ang Kasaysayang Pangmadla ay nakasandig sa kung paano ito ipinahahayag ng mga historyador. Sa Kasaysayang Pangmadla ni Michael Charleston B. Chua, mabibigat subalit kawili-wili ang mga inilalatag niyang paksa sa kasaysayan. Aniya, ang kasaysayan ay nakakulong sa daigdig ng akademya, at itinuturing ng mga mag-aaral na "*boring*" o nakaaantok. Nais ni Chua na ang kasaysayan ay hugutin sa masaklap na kinasasadlakan nito, ibaba sa bayan, at gawing makabuluhan para sa mga karaniwang mamamayan na hindi naman mga iskolar at may kaniya-kaniya nang búhay sa paraang "mas maikli, mas simple, mas naiintindihan at nasa istilo at wikang malapit sa lahat" (Chua, 2019). Malalalim ang pinapaksa ni Chua sa Internet at sa dati niyang bahagi sa

isang pambalitaang palabas sa telebisyon, halimbawa na lámang ang tungkol sa Bangang Manunggul, subalit nakapang-aakit ng pansin ang mga ito, dahil inilalahad ni Chua ang mga iyon sa paraan at wikang nauunawaan ng mga manonood.

May mga manghahaka o espekulatibo (*speculative*). Silá ang mga gumagawa ng mga paksang ano-kayâ-ang-nangyari (*what-if*) kung hindi ganoon ang naganap sa nakaraan. Ano kayâ ang nangyari kung hindi táyo sinakop ng mga Espanyol o Amerikano, kung hindi binaril si Rizal, kung nabuhay nang matagal si Sumuroy, kung hindi naging Muslim si Sultan Kudarat, at kung hindi naging pangulo ang isang naging pangulo? Ang mga gawa nila ay espekulasyon o haka-haka, na walang tiyak na patutunguhan. Ibinilang sa papel na ito ang trivialista at espekulatibong lapit sa kasaysayan upang makatulong sa pagpapalitaw sa kung ano nga bang talagang talaga ang pilosopiya ng kasaysayan.

Ano-ano ang layunin ng mga historyador na Pilipino at ng kanilang mga akda? Ang sumulat ng mga salaysay batay sa pagkakasunod ng mga pangyayari tungkol sa isang bansa, rehiyon, lalawigan, lungsod, munisipalidad, barangay, o institusyon? Ang ilahad kung ano ang mga nagawa ng isang tao mula sa pagsilang hanggang sa kamatayan nito, o mula sa bago ito isilang hanggang sa pagkatapos nitong pumanaw? Ang iwagayway ang mga naganap sa isang panahon? Ang kilatisin kung ano ang suot ng isang naging bayani o kung sino ang ama o ina ng isang pangyayari? Ang manghaka kung ano sana táyong mga Pilipino ngayon kung wala táyong kolonyal na karanasan? Masasagot ang mga ito sa mga susunod na bahagi ng papel na ito.

**Ano ang Kasaysayan?**

Upang malaman ang kahulugan ng kasaysayan, makabubuting ang tanungin at pasagutin natin ay ang Bayan mismo: ang ating mga ninuno; si Rizal na bagama't isang ilustrado ay nasasaisip ang Bayan at may malalim na naarok tungkol sa bagay na ito; ang mga Katipunero na isa sa mga unang gumamit ng salitâng "kasaysayan"; at ang iba pang may taglay na dunong tungkol dito.

*Ang kasaysayan ayon sa mga sinaunang Pilipino*. Noong 1582, napansin ng isa sa mga unang opisyal na Espanyol sa bansa na si Miguel de Loarca na ang mga katutubo ay hindi palasulat sa papel, subalit may paraan silá kung paano iniingatan ang kanilang kasaysayan. Iyon ay sa pamamagitan ng mga awit. Kung may sáma-sáma siláng mga gawain, katulad ng pamamangka at kasiyahan, inaawit ang mga iyon ng may magagandang tinig. Kayâ, ang mga tao ay may kabatiran sa mga sinaunang pangyayari. Ang mga talâ ng kanilang nakaraan ay tungkol sa mga Kataas-taasang Panginoon, tungkol sa pagkakalikha ng kapuluang tinatawag na ngayong Pilipinas, kung paano nabuhay ang kauna-unahang lalaki at babae,

kung paanong kumalat ang mga tao sa daigdig, kung kailan naganap ang unang kamatayan, digmaan, at nakawan (Loarca, 1582).

Sa aklat na *Boxer Codex* (1591), may naitala ring paraan kung paanong inaalagaan ng mga sinaunang Pilipino ang mga talâ ng kanilang matatandang panahon. Ayon sa sumulat ng aklat na ito:

> Naisulat na natin hanggang dito ang mga nakagawian at kaugalian ng mga Bisaya at iba pang mga tao na nananahan sa Kapuluang Pilipinas, at nalaman natin mula sa pinakamatatanda at pinakatanyag na mga tao roon, dahil silá ang nakaaalam sa mga pabigkas na talâ ng kanilang nakaraan, na nagbuhat pa sa pinakaunang panahon, at inilalahad nila ang mga iyon sa kanilang mga awit, upang ipabatid ang kanilang mga pinagmulan, at kanilang mga digmaan, at ang iba pang bagay na nabanggit na natin dito, dahil wala siláng mga kasulatan o anupamang nakalimbag na magsasalaysay o magtuturo sa kanila, maliban sa kanilang mga mang-aawit, na tinatawag nila sa kanilang wika na Biaus (1591/2016, p. 60).

Ang Heswita namang si Francisco Ignacio Alcina ay sumulat ng mga aklat tungkol sa mga Bisayang taga-Samar at Leyte noong mga taon ng 1660. Nabanggit niya na dahil walang aklat ang mga sinaunang Pilipino, nakaimbak ang mga talâ ng kanilang nakalipas sa gunita ng mga tao. Sa harapan ng pagkakatipon, inaawit ng mga may maiinam na tinig ang mga talâ na iyon. Nakasaad sa mga iyon ang tungkol sa kanilang matandang Panginoon at ang pagkakalikha ng kauna-unahang mag-asawa na siyang pinagmulan ng sangkatauhan (Alcina, 1668/2005, 43, 47, 49).

Dapat pansinin na bagama't sa mga kronika ng mga Espanyol matutunghayan ang mga talâ ng ating mga ninuno, hindi ang mga Espanyol ang kumatha sa mga talâ na iyon. Ang mga Espanyol ay naging tagasulat lámang sa papel ng mga kasaysayan ng ating mga ninuno na kanilang nasaksihan o narinig, o isinalaysay sa kanila. Ang mga Espanyol na ang nagsabi na ang mga talâ na iyon ay narinig nila mula sa mga mang-aawit o isinalaysay sa kanila ng matatandang may malalalim na kabatiran tungkol sa nakaraan.

*Ang kasaysayan ayon sa mga epikong Pilipino*. Ang mga epiko ng mga sinaunang Pilipino ay nagtatampok ng mga pakikipagsapalaran ng mga dakilang tao. Ang *Biag ni Lam-ang* (Ang Búhay ni Lam-ang) ng mga Ilokano ay tungkol sa paglalakbay si Lam-ang upang hanapin ang kanyang ama na hindi na makita mula nang sumuong sa isang labanan; sa pagkakatulas niya na pinaslang ito ng mga kaaway, at ang ulo nito ay itinarak sa isang matulis na kawayan; sa pagpatay niya sa lahat ng mga pumaslang sa kanyang ama; at ang pagbabalik niya sa kanilang bayan na dala ang ulo ng kanyang ama.

Ang *Hudhud* ng mga Ifugao ay tumutukoy kay Aliguyon na isang mandirigmang dinakila ng kanyang mga kababayan, dahil may taglay na talino mula nang batà pa; naging bihasa sa pakikihamok; at upang mapawi ang ngitngit ng kanyang ama, hinamon si Pumbakhayon, ang anak ng kaaway nito; subalit sa mga labanan nilang dalawa, walang nananaig, dahil kapwa silá magiting, malakas, at kamangha-mangha; hanggang sa natáya nilang walang patutunguhan ang kanilang tunggalian; kayâ, minabuti nilang magkasundo na lámang at ilaan ang kanilang talino at mga kakayahan sa kapakanan ng kani-kanilang bayan.

Sa *Ibálong* ng mga Bikolano, isinalaysay ng makatang si Kadunung ang mga akda ng tatlong bayani: si Baltog, na kinilalang magiting nang mapatay ang isang dambuhalang baboy-ramo; si Handiong na matapos gapiin ang mga halimaw kabílang na ang isang tusong ahas ay pinasimulan sa kanilang lipunan ang mga batas, pagsasaka, pamamalakaya, paghahabi ng mga kumot, at paggawa ng mga banga; at si Bantong, na mag-isang ginapi si Rabot, ang kalahating-tao at kalahating-halimaw na káyang gawing bato ang mga nakasasagupa nito.

Sa *Hinilawod* ng mga taga-Panay, inilalarawan ang makukulay na pakikipagdigma ng tatlong magkakapatid na laláki na ang mga katangian ay sa panginoon at tao: si Labaw Donggon, sa paghahanap ng kanyang mga asawa, sa pagkakagapi at pagkakabilanggo niya sa kamay ng nakasagupa niya para sa kanyang ikatlong asawa, at sa pagkakaligtas sa kanya ng kanyang dalawang anak sa unang dalawa niyang asawa; si Humadapnon, na sa kanyang paghihiganti para kay Labaw Donggon, ay nahanap ang dalawang mapapangasawa at nakipaglaban para sa mga ito; at si Dumalapdap, na sa kanya ring paglalakbay upang saklolohan din si Labaw Donggon ay nasumpungan din ang kanyang mapapangasawa subalit kinailangan muna niyang makipaglaban sa isang halimaw; ang muling pagkikita ng tatlong magkakapatid; at ang kanilang muling paglalakbay (Jocano, 2004, 1965).

Ang *Guman* ng mga Subanen ay ukol sa pagsasanib ng lakas ni Datu Pomb'nwa, ng kaniyang kabiyak na si Bai Selaga, ng kanilang anak na babaeng si Ba-e ri Dliyag'n, at ng binatang si Sakandal upang labanan ang mga mananakop na nais lustayin ang mga hitik na yaman ng kanilang matandang kaharian, ang Bundok Dliyagn sa Zamboanga (Malagar, 1980).

Ang *Ulahingan* ng mga Manobo ay hinggil sa pagkakalikha ng daigdig, sa sinapit ng mga kauna-unahang tao, at sa mga paglalakbay ni Ayug at ng kanyang mga kababayan mula sa kanilang kinagisnang lipunan patungo sa Nalandangan, ang hinahangad na pook ng kaluwalhatian (Maquiso, 1977).

Sa *Darangen* ng mga Maranao, nanaig ang búhay ni Prinsipe Bantugen, isang matalino at makisig na mandirigma, na pinamunuan ang pagbawi sa dinukot na kapatid na

babae; nakarating sa Kaharian ng Lupaing nása Pagitan ng Dalawang Dagat, at ipinagtanggol ito sa mga lumusob na ibang kaharian; dinapuan ng karamdaman; naparaan sa Kaharian ng Lupaing Nilulubugan ng Araw, at doon na rin pumanaw; sinaklolohan at muling binuhay ng kapatid na si Haring Madali; bumalik sa tinubuang kaharian; pinamunuan ang pagtatanggol sa kanilang kaharian laban sa isang lumulusob na kaharian; at nakipagtagisan sa isang kaalit na prinsipe upang mapangasawa ang isang magandang prinsesa (University Research Center Mindanao State University, 1986).

Ang mga epiko ay kabílang sa mga "ekspresibong kultura – mga sining biswal, pasalitang tradisyon, at perpormatibong pagtatanghal," na ayon kay Vicente C. Villan ay mga pamanang-lahi na siyang *locus* ng gunitang-bayan at "nagsisilbing balon-na-salokan ng salaysaying bayan para sa damdaming bayan, diwang-bayan, salaysaying-bayan, at paglilingkod-bayan." Ang mga niloloob ng bayan, aniya pa, ay mapaghuhugutan "ng estratehikong tradisyon tungo sa mga inisyatiba para sa kalayaan at kaunlarang itinataguyod sa kapuluan." Ang mga epiko ay nagagamit din na isang kaparaanan na hindi positibista-empirikal, "kundi sa di-nakagawiang paggamit ng mga di-tekstuwal na mga batis sa pananaliksik" (Villan, 2020). Sa kanya namang aklat tungkol sa mga *mun-di* o panday na Ifugao, itinampok ni Lars Raymund C. Ubaldo sa wikang Filipino ang halaga ng mga panday na iyon bílang tagapag-ingat ng mga kaalamang may kaugnayan sa pagpapanday, sa mga produktong likha ng pagpapanday, at sa kanilang mga pamayanan. Pinatunayan ni Ubaldo na maaaring kasangkapanin ang wikang Filipino sa pag-aaral etnograpiko at ang mga katutubo mismo bílang siyang nararapat na sentro o hugután ng mga impormasyon sa pag-aaral (Ubaldo, 2016). Tinutukan naman ni Axle Christien J. Tugano ang mga pribadong bahagi ng katawan ng tao o ang "pag-aaral sa 'katawang tao' o 'katawan ng tao' bilang lunsaran ng politikal at kultural na pagsipat." Ipinaunawa niya na, buhat sa nadukal niyang mga salaysay sa mga epiko at iba pang salaysaying bayan, kapwa mahalaga ang mga panlalaki at pambabaeng pribadong bahagi ng katawan sa pagbuo ng búhay, lipunan, at pagtatalaban ng mga kasarian. Kung matatanggap ito, maiiwasan ang pagiging sexista, patriyarkal, at machismo ng lipunan, mga mapangibabaw na pananaw na kung hindi dala ng kolonyalismo at naipadpad sa kapuluan mula sa Kanluran (Tugano, 2025).

*Ang kasaysayan ayon kay Rizal.* Masigasig na mag-aaral ng kasaysayan ng Pilipinas si Rizal, lalo na ang sinaunang panahon. Ipinanukala niya na "upang basahin ang mga kapalaran ng mga bayan, ay kailangang buklatin ang aklat ng kanyang kahapon" (1961, 145). Nasabi niya ito noong 1889, hábang nása Europa, dahil nais niyang alamin kung bakit naghihiráp ang mga Pilipino sa kanyang panahon at upang balangkasin ang sasapitin ng Pilipinas sa susunod na sandaang taon. Sinaliksik niya ang mga matatandang talâ tungkol sa Pilipinas, at nabatid niya na ang kanyang mga ninuno ay mayroon nang mga lipunan, pamahalaan, batas, kabuhayan, at iba pang mga bagay ng kaunlaran. Binuod niya ang kasaysayan ng mga sinaunang Pilipino sa ganitong mga salita:

> Sa wakas, lahat ng mga kasaysayan ng mga unang taóng iyon, ay punô ng mahahabang salaysay tungkol sa kapamuhayan at pagsasaka ng mga tagaroon, mga mina, mga hugasan ng ginto, mga habihan, hayupan (mga bukid na binungkal), pagtubos (pangangalakal), paggawa ng mga sasakyang-dagat, pag-aalaga ng mga ibon at mga baka, mga kayong yarì sa seda, sa bulak, mga alakan, ang hanapbuhay na tungkol sa musang, ang sa mga sungay at mga katad ng hayop at iba pa, ay mga bagay na natatagpuan sa bawa't hakbang at, kung aalagatain ang panahon at mga bagay-bagay sa mga pulóng iyon, ay mapapatunayang nang panahong iyon ay may buhay, kasipagan, at pagkilos (1961, p. 272-273).

*Ang kasaysayan ayon sa Katipunan.* Sa isa sa mga sanggol na kasulatan ng Katipunan, na may petsang Enero 1892, nabanggit ang salitâng *kasaysayan*. Isa ito sa pinakaunang pagbanggit ng salitâng ito sa mga kasulatang Pilipino. Ginamit ang salita bílang pagsasalaysay sa mga kabulukan ng pananakop ng Espanya: "Casaysayan: Pag sasaysay ng mga cadahilanan ng pag jiualay ng Capuloang ito sa nag aanquing Yna." Isinalaysay nila ang mga pagdurusa ng mga Pilipino, katulad ng "cataasan at ualang auang pag singil ng buis namin," "pag caltas sa caunting quiquitain namin cung cami ay gumamit nang anomang industria;" at ang mga akdang "pinapayagan na ang mga Fraile ay maquiapid sa babaye, caya ngat sa manga provincia ang caramijan ay bijira ang jindi may manga anac at bijira rin naman ang mga binibini na jindi canilang sinisira" (Casaysayan, 1892).

Sa kanyang tulang "Pag-ibig sa Tinubuang Bayan," pinukaw ni Bonifacio na ang Inang Bayan ang siyang "sakdal nang laki, na hinahandugan ng buong pagkasi, at ginugugulan ng buhay na iwi," sapagkat ito ang kinamulatang lupa at utang sa kanya "ang unang pagtanggap na simoy ng hanging nagbibigay lunas" sa mga siphayo at hirap. Kung ang Inang Bayan ay inaapi, kailangang magtigis ng búhay at dugo ng kanyang mga anak upang "agawin [ito] sa kuko ng mga sukaban" at upang makamit ang "pag-asang lubos na kaginhawahan" (Bonifacio, Pag-ibig sa Tinubuang Bayan, pp. 8-10).

Sa pananaliksik ni Angelito S. Nunag sa mga kasulatan ng Katipunan na namalas niya sa Archivo General Militar de Madrid sa Espanya, nakapagbigay siya ng nga makabagong pananaw na taliwas sa mga nakagawian nang pagkilatis sa Katipunan. Napag-alaman niya na ang Katipunan ay hindi kumikilala ng ibang kapangyarihan sapagkat ito na nga ang kataaas-taasang pamahalaan na ang layunin ay "ang pag-angkin, pagkilala, at pagpasa ng kapangyarihan mula sa mga mananakop patungo sa kamay ng mga 'anak ng bayan.'" Itatatag ng Katipunan ang "pangkalahatang bayan" o bansa na tatawaging Haring Bayang Katagalugan at bubuuhin hindi lámang ng mga Tagalog kundi ng lahat ng mga bayan at iba pang táong tumubo sa kapuluan na itinuturing ding mga Tagalog. Maging ang mga may lahing Tsino at Espanyol ay aangkining bahagi na rin ng haring bayan, dahil tumubo

rin silá sa kapuluan. Ang dakilang hangad na pagkalinga sa Inang Bayan ay bunga ng mga karanasan, kalinangan, at kasaysayan nilang mga anak ng bayan na tumubo sa kapuluan. Pinanghahawakan ni Nunag na ang Katipunan ay hindi “direktang kontinwasyon” ng *Liga* ni Rizal, dahil bago pa man naitatag ang kilusan ni Rizal ay nakapagpasiya na ang Katipunan na humiwalay sa Espanya, at mayroon na itong balangkas ng pamahalaan na magtatatag ng Katagalugan (Nunag, 2014).

Ang artikulo ni Nunag ay kabílang sa natatanging labas ng *Saliksik E-Journal* noong Nobyembre 2014, na isang pagpupugay sa kadakilaan ni Bonifacio. Tinalakay din sa labas na ito ang iba pang mga makabagong pagtingin tungkol kay Bonifacio at sa Katipunan: Ang sinilangang purok ni Bonifacio na Tundo na siya ring humubog sa kanyang hinihirayang Katagalugan (sinulat ni Nancy Kimuell-Gabriel); ang pagkakaroon ng dangal, puri, at kadalisayan ng loob, na pawang nilalaman ng Kartilya ng Katipunan, upang maging matagumpay ang himagsikan at maging marangal at maginhawa ang Bayan (Michael Charleston B. Chua); ang pakikipag-ugnayang panlabas ng himagsikan sa pamumuno ni Bonifacio, na isang idolohikal na pakikitungo sa labas ng bayan na layuning mahatak ang ibang mga bansa sa pagwawagi ng himagsikan (Adonis L. Elumbre); ang paglawak ng himagsikan sa Kabisayaan nang kinasangkapan ng mga Katipunero ang mga multi-etnikong katangian, bukluran ng mga uring panlipunan, espasyong pangkapaligiran, at pakikidigmang nakaugat sa kinamulatang taktika ng pag-iilihan (Vicente C. Villan); ang mataas na pagpapahalaga ni Bonifacio sa mga babae, na masasaksihan sa pagkilala niya sa haring bayan bílang ang Inang Bayan (Mary Jane B. Rodriguez-Tatel); ang pagbibigay puwang sa mga nása laylayan ng kasaysayan sa pamamagitan ng pagkilala sa búhay at ambag sa bayan ng Katipunerang kapatid ni Bonifacio na si Esperidiona Bonifacio (Atoy M. Navarro at Adonis L. Elumbre); ang pakikilahok sa himagsikan ng mga Katipunerang Bisaya katulad ni Trinidad Pecson (Janet S. Reguidin-Estella); ang kawalan o kakulangan ng mga pistola ay hindi sagabal upang magtagumpay ang himagsikan, dahil ang baril ay matagal malagyan ng bala samantalang ang mga sundang ay madaling maitarak sa kaaway, at makakamit ang tagumpay kung nagkakaisa ang Bayan (Lorenz Lasco); at ang pagpapakalat ng mga simbolismo sa mga misa, musika, at ritwal ng Pilipinong *Iglesia Filipina Independiente* upang maigiit ang katuparan ng mga manghihimagsik na makawala sa lupit ng mga prayleng Espanyol (Arwin Q. Tan) (Kimuell-Gabriel, 2014).

*Ang kasaysayan ayon sa ilang makabagong historyador na Pilipino*. Nagpahayag si Teodoro A. Agoncillo noong 1958 na walang kasaysayan ang mga Pilipino bago naganap ang pagbitay sa tatlong paring Gomburza noong 1872, dahil ang mga nakasulat daw na kasaysayan ng bansa mula 1521 hanggang 1872 ay likha ng mga Espanyol, hindi ng mga Pilipino. Para sa kanya, dapat piliin ang mga pangyayari na ang mga Pilipino ay “may masigasig na pakikisangkot sa paghubog ng kanilang kapalaran.” Pinipili at ipinaliliwanag

ang mga pangyayari mula sa nakaraan upang maisulat ang kasaysayan (1958). Sinalungat ng ibang historyador ang kontrobersiyal na pahayag na ito ni Agoncilllo, dahil mauunawaan lámang daw ang Pilipinas bílang isang bansa kung sisipatin muna ang kolonyal na kasaysayan nito ayon sa Heswitang si Horacio dela Costa; at dahil ang 1872 ay tagapag-ugnay raw ng kaparian at nasyonalismo nina Rizal ayon naman sa isa ring Heswitang si John Schumacher (Santos, 2022).

Pinukaw ni Renato C. Constantino na ang kasaysayan ay ang nasusulat na pakikibaka ng mga mamamayan patungo sa higit na malawak na kalayaan at para sa bago at higit na mataas na antas ng talino ng indibiduwal na tao. Subalit, ang pakikibaka raw na iyon ay isang nagkakaisang layunin at dahil tinatawagan niyon na sumanib doon ang mga tao, silá sa gayon ang mga tagakatha ng pagbabago at kasaysayan. Ang pakikibaka raw ng mga Pilipino laban sa paniniil ng mga dayuhan ang lubid o diwa na nagbibigkis sa kasaysayan ng Pilipinas (1975).

Ayon kay Jaime B. Veneracion, ang kasaysayan ay selektibo at subhetibo, dahil "[a]ng historyador ng bawat panahon ang pumipili ng anumang bagay na ilalagay sa kanyang isinusulat at ng anumang isasantabi. Ngunit dahilan sa ang historyador ay isang tao, siya ang makapipili at makahuhusga, hindi sa paraang maka-Diyos na walang kinikilingan kundi sa isang pamamaraang nagsasalamin ng kanyang realidad na sosyal" (1971, p. 24).

*Ang "historia" vs. "kasaysayan" ni Zeus Salazar*. Ipinaliwanag ni Salazar na may malaking pagkakaiba ang terminong *historia* ng Kanluran at terminong *kasaysayan* ng mga Pilipino. Ang kahulugan ng *histoire* ng mga Pranses ay "pagsisiyasat," ng *geschichte* ng mga Aleman ay "naganap," at ng *wit* ng mga Ingles ay "karunungan." Iba ang mga ito sa *kasaysayan* na nangangahulugang "salaysay," "kahalagahan," "kabuluhan," at "katuturan" ng mga pangyayari. Kayâ, *may saysay* (may kahalagahan, kabuluhan, o katuturan); *walang saysay* (walang kahalagahan, kabuluhan, o katururan). Para sa mga sinaunang Pilipino, ang kasaysayan ay salaysay na may saysay at kahalagahan, kabuluhan, at katuturan para sa isang pangkat ng mga tao (kuwento na may kuwenta). Sa paliwanag pa ni Salazar, nagkaroon ng *tripartite view* o tripartidong pananaw (pananaw na may tatlong bahagi) ang pagtingin sa kasaysayan sa panahon ng Kilusang Propaganda, na binalangkas nina Graciano Lopez Jaena, Marcelo H. del Pilar, at Rizal. Ang mga ito ay ang kasaysayan ng mga sinaunang Pilipino (una), na nabago at binastardo ng mga Espanyol, partikular na ng mga prayle (ikalawa), at ang paglaya ng mga Pilipino mula sa mga Espanyol na maghahatid ng kasaganaan (ikatlo) (Salazar, 1983). Nagmula naman sa mga Espanyol ang *bipartite view* o bipartidong pananaw (pananaw na may dalawang bahagi) sa kasaysayan ng bansa: Ang *dilim* (bago dumating ang mga Espanyol), at ang *liwanag* (panahon ng pananakop ng mga Espanyol), na hindi na nga pinapatulan ngayon.

*Ang Bagong Kasaysayan*. Sa artikulong "Kasaklawan ng mga Larangan sa Bagong Kasaysayan: Buhay, Bayan, at Kabanwahan," tinalakay ni Adonis L. Elumbre ang *Bagong Kasaysayan*, isang kilusan na hangad ang "paghulagpos at patuloy na paghulagpos" ng mga araling Pilipino mula sa mga dayuhang pananaw. May tatlong sangay ito: kasaysayang buhay, kasaysayang bayan, at kasaysayang kabanwahan. Sa kasaysayang buhay, tinatalakay ang mga talâ ng mga indibiduwal na tao. Sa mga bayani ng mga sinaunang epiko "nasesentro ang salaysay sa pakikipagsapalaran ng bida." Kayâ, ang "salaysay ng bayan ang salaysay ng bayani." Nang pumasok ang mga Espanyol, nanaig ang "mga akdang buhay ng mga santo." At sa panahon ng nasyon-estado, nakatuon na ito sa mga bayani at iba pang tanyag at makapangyarihang tao. Sa kasaysayang bayan, ang mga "salaysay ng bayan" ay pumasok sa transpormasyon, dahil nga sa pananakop ng mga Espanyol. Nalikha di-umano ang geopolitikal na realidad o ang pagkakatatag ng bansang Pilipinas. Ngunit ayon sa matatandang talâ, mayroon nang diwa ng estado ang mga sinaunang Pilipino, at ang mga iyon ay nása anyong kaharian, karajahan, at sultanato. Sa kasaysayang kabanwahan, pinahahalagahan ang mga ugnayang-panlabas ng mga bayan sa iba't ibang bahagi ng kapuluan at maging sa labas nito, at bahagi ang pakikipag-ugnayang ito ng kanilang pagkatao. Ipinamalas ni Elumbre ang malaking papel na ginagampanan ng Pilipino na paghubog ng "sariling pagsasalaysay hinggil sa sarili o sa kapwa, sa bayan, at sa kaugnay o ibang kabihasnan" (2014, pp. 1-29).

*Ang kasaysayang batay sa mga sikolohikal na damdamin*. Sa artikulong "Pag-unawa sa Katatagan ng Buut ng mga Bayani sa Himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898," pinaksa ni Vicente C. Villan ang mga sikolohikal na damdaming "*ilub* (pagpapakumbaba at pagpaparaya sa lahat ng uri ng dalamhating sosyolohikal), *unong* (pagiging maaasahan at matapat sa sinumang itinatanging nilalang), at *amok* (pagiging makatarungan at makatwirang pagpapahayag ng niloloob para sa inaasam na ginhawang pangkatawan, pangkaisipan, at pangkalooban)" upang patunayan na ang mga ito ang nagbunsod sa mga taga-Panay na maghimagsik laban sa mga Espanyol noong 1896 (Villan, 2013). Lumihis ang pag-aaral ni Villan mula sa nakagawian nang Kanluranisadong pagsasakasaysayan na ang Himagsikang 1896 ay umusbong, dahil sa mga pangyayaring naganap ilang taon bago iyon sumiklab, katulad ng pagbubukas ng Maynila at iba pang lungsod sa kapuluan sa pandaigdigang kalakalan, ang pag-iral ng mga katutubong intelektuwal, at ang pagkabigo ng Kilusang Reporma na ikinampanya ng mga propagandista sa Europa.

*Nakaraan vs. kasaysayan*. May malaking pagkakaiba ang nakaraan at kasaysayan. Ang *nakaraan* ay ang lahat ng mga nangyari mula nang nalikha ang daigdig at lumitaw ang mga unang tao hanggang sa mga nangyari kamakailan o kahapon. Mahalagang pag-aralan ang mga nangyari sa nakaraan. Subalit para kay Vicente C. Villan, hindi mapag-aaralan ang lahat ng mga nangyari sa nakaraan. Hindi mabibilang ang mga nangyari sa nakaraan,

at hindi sapat ang buong búhay natin upang galugarin ang mga iyon. Bukod diyan, ang karamihan sa mga iyon ay walang kabuluhan, at sa gayon ay hindi na kailangan pang alamin at pag-aralan. Para kay Villan, ang kasaysayan ay selektibo, dahil pinipili lámang ang mga pangyayari sa nakaraan na may kabuluhan, at ang mga iyon lámang ang dapat pag-aralan (2022). Samakatuwid, ang *kasaysayan* ay mga pangyayari sa nakaraan na pinipili, dahil may kabuluhan at sa gayon ay mahalagang pag-aralan.

Narito ang aking ilustrasyon ng mga pangyayari sa nakaraan na walang kabuluhan at mga pangyayari sa nakaraan na may kabuluhan.

| **NAKARAAN** | |
|---|---|
| **Mga Pangyayari na Walang Kabuluhan** | **Mga Pangyayari na may Kabuluhan** |
| Binurdahan ni Tandang Sora ang kanyang mga panuwelo.<br><br>Gogo ang shampu ni Tandang Sora.<br><br>Nagwawalis tuwing hapon si Tandang Sora sa kanyang bakuran.<br><br>Makintab ang tungkod ni Tandang Sora. | Sa kabila ng kanyang katandaan, inialay pa rin ni Tandang Sora ang kanyang lakas at maging ang kanyang salapi sa pagtulong sa mga Katipunero na nakikipaglaban sa himagsikan. |
| Kulay puti ang sepilyo ni Rizal.<br><br>35 pulgada ang súkat ng baywang ni Rizal.<br><br>Babaero si Rizal.<br><br>Makapal ang bigote ni Rizal. | Sinulat ni Rizal ang nobelang *Noli Me Tangere* “upang pukawin ang damdaming makabayan” ng mga kapwa niya Pilipino. |
| Kanang kamay ang ipinanghasa ni Bonifacio sa kanyang mga gulok.<br><br>Maganda ang tinig ni Bonifacio; kayâ, kung nabuhay pa siya nang matagal, maaaring naging isa siyang mang-aawit.<br><br>Maibigín din si Bonifacio, dahil nakadalawang asawa siya.<br><br>Itim ang paboritong kulay ng damit ni Bonifacio. | Dahil hindi na masikmura ni Bonifacio ang mahaba nang pang-aapi ng mga Espanyol, nabuo sa kanyang diwa ang pagkalas ng Pilipinas mula sa Espanya sa kahit na madugong pamamaraan. |

**Ano-ano ang Kaloobang Bayan?**

Pinatunayan ni Kristoffer R. Esquejo na maiiugat ang pagdalumat sa mga kaloobang bayan kay Vicente C. Villan (2022). Kinasangkapan ito ni Villan sa kanyang mga sanaysay bílang paghahain ng mga "alternatibo at panloob na pagtingin sa kasaysayan upang maitampok ang mga nasiil na mga konseptong sikolohikal, sosyolohikal, at pangkalinangan ng mga Pilipino sa pangkalahatan" (2022, p. 17).

Ang mga kaloobang bayan ay ang *pagpapahalaga sa búhay*, *pagpapanatili ng dangal*, at *pagkakamit ng ginhawa*. Ayon kay Esquejo, ang mga ito ay tinatawag ding "kinagisnang sikolohiyang panlipunan," at layunin ng mga ito na "bigyang-saysay ang kapuwa aktibo at pasibong aksiyon ng mga Pilipino sa iba't ibang yugtong pangkasaysayan" (2022, p. 17).

Ang búhay ng tao ang pinakamahalagang bagay sa ibabaw ng lupa. Anuman ang lagay ng isang tao sa lipunan, isa siyang nilalang na may karapatang umiral at magtamasa ng mga biyaya ng kalisakan at kapaligirang kanyang ginagalawan. Ang búhay ay umiiral kung humihinga ang isang tao. Subalit ang mga sinaunang Pilipino ay mayroong higit na malalim na pagpapakahulugan dito. Maaaring humihinga pa ang isang tao, subalit maituturing na siyang patay na at nilayasan na ng kaluluwa kapag nawawalan siya ng magandang kalooban. Maibabalik ang kaluluwa kapag isinagawa ang ritwal ng paglilinis sa katawan at kalooban (dL. Jose at Navarro, 2014).

Ang dangal ay isang mahalagang sangkap upang mamuhay nang matiwasay ang isang tao. Ito ang nagbibigay sa kanya ng laya sa isip, damdamin, at gawa, at ng karapatan na kamtin ang anumang nasà. Bagama't upang maging marangal, kailangan niyang igalang at huwag sasagkaan ang kalayaan at karapatan ng iba. Kapag naalipin ang isang tao, nayuyurakan ang kanyang dangal. Kailangang niyang lumaya upang mabawi at malinis ang kanyang nadungisang dangal.

Ang ginhawa ay pagkain ng isip, puso, at katawan. Nakakamit ito kung natutugunan ang pangangailangan ng diwa, damdamin, at laman. Ang binabagabag na isip ay gumiginhawa kapag napátid na ang kabalisahan. Ang nasaling na damdamin ay gumiginhawa kapag natamo ang katarungan. Ang kumakalam na sikmura ay gumiginhawa kapag nalamnan. Ang katawan ay gumiginhawa kapag nakabawi mula sa págod, súgat, o karamdaman. Ang ginhawa ay maihahambing din sa banga. Sa pagkakaarok ni Vicente C. Villan, ang banga ay hindi lámang may labas, loob, at lalim, kundi mayroon ding lawak, laman, bisa, at saysay. Ang loob ng banga ay lalagyan, imbakan, at lagakan; ang lawak ay panukat at káyang paglagakan ng mga bagay na mahalaga sa tao; at ang laman ay dapat mahalaga dahil nakapagbibigay ito ng bisa at saysay. Itinampok ni Villan ang tubig na siyang laman sa loob, lawak, at lalim ng banga, at "inaasahang ang bisa nito ay makapatid ng uhaw at makapagpapasigla sa tao" (Villan, 2017b).

Sa pagkakamit ng mga kaloobang bayan, maaaring gumamit ng payapa o marahas na paraan batay na rin sa itinatakda ng mga pangyayari. Para sa mga sinaunang Pilipino, mayroon siláng matatandang talâ ng kanilang Kataas-taasang Panginoon, pagkakalikha ng kapuluan, pagkakalikha ng unang lalaki at babae, at iba pang mga unang pangyayari sa daigdig. Pinatutunayan ng mga ito na hindi silá palalo, dahil may kinikilala at sinasamba siláng Kataas-taasang Panginoon na nakahihigit sa kanila at siyang lumikha ng sansinukuban. Hindi rin nila itinuturing ang kanilang mga sarili na mistulang nagmula sa kung saan lámang, dahil may mga pangyayari na nagbigay-daan upang magkaroon ng tao. Para nga sa mga Bisaya, tuwiran siláng nilikha ng kanilang mga Kataas-taasang Panginoon. Maging ang kanilang kapuluan ay ginawaran nila ng dangal, dahil ito ang itinalaga nila na siyang pinagmulan ng kauna-unahang mag-asawa at ng lahat ng tao sa daigdig. Iniingatan din ng mga sinauna sa kanilang gunita ang kanilang kasaysayan upang mabatid ito ng kasalukuyan at mga susunod na salinlahi. At kahit sagana pa ang kanilang pamumuhay at hindi silá nagkukulang sa kanilang mga pangangailangan, naroroon pa rin ang hangaring makamit ang ginhawa sa pamamagitan ng sipag, pagpapagod, mga kalakalan, o pangangayaw. Sa Kabisayaan pa rin, ang mga nabatukang hangaway (natatuang bayani o ang tinawag ng mga Espanyol na mga *Pintados*) ay naglilingkod bílang mga mandirigma ng kani-kanilang pamayanan. Tungkulin nilang panatilihin "ang buhay, ginhawa, at dangal ng kanilang bayan sa pamamagitan ng gawaing pangangayaw at pangungubat (pakikidigma)" (Villan, 2013, p. 69).

Sa mga epiko, binawi ni Lam-ang ang dangal ng kanilang lahi sa pamamagitan ng paglipol sa lahat ng mga pumaslang sa kanyang ama at ang pagbabalik ng ulo nito sa kanilang lipunan. Nagtunggalian sina Aliguyon at Pumbakhayon upang mailugso ang dangal ng kanya-kanyang bayan, subalit nagkasundo rin silá bílang pag-iingat sa búhay ng kani-kanilang mga mamamayan. Nakibaka sina Baltog, Handiong, at Bantong laban sa mga nakagigilalas na halimaw upang mapangalagaan din ang kanilang mga mamamayan. Ang mga pakikipambuno nina Labaw Donggon, Humadapnon, at Dumalapdap ay upang maipagpatuloy ang kanilang lahi at maipaghiganti ang masamâng sinapit ng isa sa kanila. Nakipaglaban din sina Datu Pomb'nwa, Bai Selaga, Ba-e ri Dliyag'n, at Sakandal upang mailigtas ang kanilang kaharian laban sa mga kaaway. Hinangad naman nina Ayug na makalaya mula sa kaalipinan at makamit ang ginhawa sa isang maluwalhating pamayanan. Ang kabayanihan ni Prinsipe Bantugen ay pagnanasa rin na mailayo ang kanyang kaharian mula sa pananakop at pang-aapi ng mga kalabang kaharian.

Para kay Rizal, ang kasaysayan ay ang pagbawi sa mga kaloobang bayan na tinatamasa ng mga sinaunang Pilipino subalit ipinagkait sa kanila ng mga mananakop na Espanyol. Sinikap niyang dalumatin ang lagay ng mga sinaunang Pilipino sa mga unang taon ng pananakop ng mga Espanya, dahil saklaw pa niyon ang "anino ng pag-uugali at kabuhayan ating mga ninuno" at ang "mga hulíng sandali ng ating matandang kapamayanan" (1962, p. v). Inihambing niya ang aninong iyon sa danas ng mga Pilipino sa ilalim ng pananakop ng

Espanya: Hindi na mahalaga ang kanilang búhay, hinubaran na silá ng dangal, at napagkaitan na silá ng ginhawa.

Para sa Katipunan, ang kasaysayan ay ang pagbawi rin sa mga kaloobang bayan ng mga Pilipino na niyurakan ng mga Espanyol. Gumawa silá ng mga salaysay ng kanilang kalunos-lunos na danas, at inilahad nila ang mga hakbang na gagawin upang muling matamasa ang mga kaloobang bayang iyon. Ganito ang gagawin nilang pagbawi:

> Yamang ang unang majalaga at pinuputungan ng masaganang carangalan at capurijan sa alin mang maningning na Kajarian ay ang majal na catungculan na mag tangol sa caniyang bayan, mag paca jirap sa icaguiguinjaua nito, gugulin ang dugo sampo nang bujay sa icararangal ng caniyang bayan, manga capatid at anac, upang juag sacupin, lupiguin at apijin ng ibang cajarian (Casaysayan, 1892).

Naalaala ni Andres Bonifacio ang dangal at ginhawang isinuko sa mga Espanyol ng mga Pilipino kapalit ang kaunlarang ipinangako ng mga dayuhan. Subalit sa mahigit nang 300 taóng pananakop, hindi natupad ang pangako. Nalugmok sa karalitaan ang mga Pilipino. Kayâ, aniya, ang isa sa mga dahilan ng paghihimagsik laban sa mga Espanyol ay panahon na upang bumangon at tapusin na ang pangyuyurak ng kanilang pagkatao, dahil “tayo’y may sariling pagdaramdam, may puri, may hiya, at pagdadamayan” (“Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog, p. 7).

Naalaala naman ng kanang-kamay ni Bonifacio na si Emilio Jacinto, sa kanyang sanaysay na “Liwanag at Dilim,” na “ang kaginhawahan, wala na kundi ang kaginhawahan ng Bayan, ang siyang talagang katwiran at kadahilanan, ang simula’t katapusan, ang dulo’t wakas ng lahat ng katungkulan ng mga tagapamahala.” Madalas daw agawin at hatiin, aniya, “ang kaginhawahan kung ang mga karangalan ay kinakamtan ng mga sukab na mapagmapuri, kung ang mga pala at katwiran ay ibinibigay sa udyok na suhol at pagkapit sa malalaki. Siya nang pagyaman ng masasama at paglitaw ng mga palalo” (“Liwanag at Dilim,” pp. 67-68).

Ang pagpapakahulugan nina Agoncillo at Constantino na dapat nasusulat ang kasaysayan, at dapat batay ito sa mga nakasulat na talâ, ay kapos o limitado. Hindi kasi nasasakop ng gayon ang mga talâng pabigkas. Ang mga sinaunang Pilipino ay hindi palasulat, subalit nagtataglay silá ng mga hitik na talâ ng kanilang nakaraan. Maging sa kasalukuyang panahon, marami rin ang mga talâng pabigkas at hindi nasusulat. Bagama’t natumbok nina Agoncillo at Constantino na ang kasaysayan ay mga anyo ng pakikibaka patungo sa katimawaan at kaginhawahan.

**Ang Pilosopiya ng Kasaysayan ng Pilipinas**

Malinaw na nasagot natin mula sa mga pagpapakahulugan sa mga yugto ng nakaraan ng ating bansa kung bakit lumilikha ng kasaysayan táyong mga Pilipino o ano ang pilosopiya ng kasaysayan ng Pilipinas: Ang pagsusumikap nating mga Pilipino na maitaguyod ang mga kaloobang bayan. Mula sa panahon ng ating mga ninuno hanggang sa panahon ng himagsikan at sa kasalukuyan, lumilikha táyo ng kasaysayan, dahil nais nating mapahalagahan ang búhay, dahil nais nating mapanatili ang dangal, at dahil nais nating makamit ang ginhawa. Nakikibaka, nagsusumikap, at nagpupunyagi táyo para sa mga kaloobang bayan na iyon.

Dahil ito nga ang pilosopiya ng kasaysayan ng Pilipinas, tungkulin ng historyador na alamin, balangkasin, at patingkarin ang mga kaloobang bayan sa dinadalumat at sinusulat niyang mga pangyayari sa nakaraan, ang mga iyon man ay tungkol sa kasaysayan ng bansa; ng isang rehiyon, lalawigan, lungsod, munisipalidad, barangay, institusyon, o indibiduwal na tao; o ng isa o higit pang pangkat ng mga tao.

Ang mga historyador na matatagumpay nang nakatuntong sa pagkilatis sa mga kaloobang bayan ay may tatlong diwa ng kasaysayan sa kanilang pagdadalumat.

Una, ang diwa ng *kasaysayang mapagmahal* (*loving history*). Ito ang kasaysayang kinikilala at niyayakap ang kaakuhan ng Pilipino mula pa sa mga sinaunang panahon. Sa halip na paratangang watak-watak ang ating lahi dahil nananahan táyo sa mga pulo, kinikilala ng historyador na may pagkakaugnay ang mga wika at kabihasnan nating mga Pilipino. Bakit may mga taga-ilog sa buong kapuluan? Bakit ang mga salitâng *ili*, *bayan*, *banwa*, *vanua*, *bungto*, *lungsod*, at *inged* ay tumutukoy lahat sa iisang uri ng kalipunan ng mga tao? Sa halip din na yumukod sa gawang-dayuhan na peryodisasyon ng kasaysayan ng ating bansa (pre-kolonyal, kolonyal, at post-kolonyal), at pagbintangang walang kabansaan ang mga sinaunang Pilipino, niyayakap ng historyador ang wagas na Pilipinong peryodisasyon at ang dalisay na kaisipan ng ating kabansaan katulad ng binalangkas ni Salazar.

Ikalawa, ang diwa ng *kasaysayang mapagpalaya* (*liberating history*). Ito ang kasaysayang masidhing tinututulan at itinataboy ang mga talâng ginawa ng mga dayuhan at yumuyurak sa ating mga Pilipino. Sa halip na paniwalaang barbaro ang ating mga ninuno, itinatampok ng historyador ang kanilang mga pamayanan, lipunan, pamahalaan, batas, pananampalataya, kabuhayan, sasakyang-dagat, sandata, ginto, pilak, kalakalan, timbangan, at iba pang mauunlad na akda. Itinataas ng historyador ang kanilang mga talâ upang ilahad na mayroon siláng pabigkas na kasaysayan na nagsasalaysay ng kanilang mga panginoon, pinagmulan, pakikipagdigma, at pakikipagkapwa-tao, katulad ng ginawa ni Rizal. Sa halip din na ipagpilitan na ang nag-udyok sa Himagsikan ng 1896 ay ang mga kaisipan

at puwersang mula sa Europa, pinagpupugayan ng historyador ang mga sikolohikal na damdamin ng mga Pilipino—katulad ng dinalumat ni Villan—na siyang nagpasiklab patungo sa kanilang pagiging maharlika. Pinalalaya ng diwa ng kasaysayang ito ang kasaysayan ng Pilipinas mula sa mga mapaniil at mapantakdang kaisipang dayuhan.

At ikatlo, ang diwa ng *kasaysayang mapangharaya* (*visionary history*). Ito ang kasaysayang kinakasangkapan sa pag-unawa sa kasalukuyan at paghahawi ng landas patungo sa kinabukasang ganap na natatamasa ang mga kaloobang bayan. Ito ang aklat ng kasaysayan na binanggit ni Rizal. Inalam ni Rizal ang panahon ng kanyang mga ninuno, at pinatunayan niya na maunlad iyon. Subalit nalugmok ang mga Pilipino sa ilalim ng mga Espanyol, dahil sa marahas na pananakop ng mga dayuhan. At pinagtambal ni Rizal ang sinaunang karanasan at kasalukuyan niyang panahon upang gamayin ang maaaring mangyari sa hinaharap. Tinatayâ ng diwa ng kasaysayang ito ang patutunguhan ng lahi. Kung tagilid ang kasalukuyang panahon, may mga sanhi iyon. Kung hindi malalaman ang mga sanhi, hindi malulutas ang bigat ng kasalukuyan, hindi magiging mainam ang búkas, at hindi makakamit ang mga kaloobang bayan.

Kung mabibigo ang historyador na gawin ang kanyang tungkuling dalumatin ang mga kaloobang bayan sa pag-apuhap ng kasaysayan, magiging tagatipon na lámang siya ng mga sunod-sunod na pangyayari sa nakaraan, na maaaring maisáma ang mga walang kabuluhan. Maaaring maging tagahimay na rin lámang siya ng mga pangyayaring wala ngang kabuluhan at sa gayon ay hindi makatutulong sa atin, gaya ng pag-alam kung gaano karami ang uban ni Lapulapu nang naganap ang Labanan sa Mactan noong 1521, kung kanan o kaliwang kamay ba ang ginagamit ni Gabriela Siláng kapag umiinom siya ng kape, o kung hitik o malabnaw ba ang sarsa ng sardinas na kinakain ng isa sa mga paring Gomburza.

Kapag nakagawa naman ang isang historyador ng salaysay mula sa mga detalye na napagbubungkal niya sa mga sinupan, at nabigo siyang salukin mula sa mga iyon ang pagtataguyod sa mga kaloobang bayan, hindi kasaysayan ng mga Pilipino ang inakda niya kundi kasaysayan ng mga dayuhang mananakop. Halimbawa, sinulat niya kung paano naitatag ang mga parokya, pueblo, at lalawigan sa iba't ibang bahagi ng kapuluan dahil sa pagsusumikap ng mga prayle; kung paano nagawa ang mga daan, tulay, patubigan, simbahan, at gusaling pampamahalaan dahil din sa hangad ng mga prayle at opisyal ng pamahalaang mananakop; o kung paano namuhay bílang mga tripulante ang mga Pilipino sa kalakalang galyon, kung ilan ang nailuwas nilang mga kalakal, at kung magkano ang kinita nila. Sa ganitong uri ng salaysay, nababanggit ang mga Pilipino sa mga *erecciones*, *memorias*, *patronatos*, *obras públicas*, *galeones*, *aduanas*, at iba pang talâng pansinupan subalit mga sunud-sunurang tauhan lámang silá, dahil kumikilos silá sa udyok ng mga Espanyol, para sa kapakanan ng mga ito at ng kanilang pananakop, at

hindi para sa pagtataguyod sa mga kaloobang bayan. Ito ang kasaysayan na ipinaggiitan ni Agoncillo: kasaysayang katha ng mga Espanyol, hindi ng mga Pilipino. Nakalulungkot kapag ang isang historyador na Pilipino ay nagpapakalunod sa ganitong kumunoy ng pagsasakasaysayan. Malawak at mayaman ang pagsasakasaysayan. Interdisiplinaryo ito. Hindi ito nakatutok lámang sa mga detalyeng nakatalâ sa papel at nakatambak sa mga sinupan at aklatan. Katulad nga ng nabanggit na sa itaas, mahuhugot din ito sa mga larangang antropolohiya, arkeolohiya, etnograpiya, sikolohiya, sosyolohiya, lingguwistika, panitikan, pilosopiya, agham panlipunan, sining, sayaw, awit, likas na agham, pangkapaligiran, araling pampook, at maging sa payak na pagmamasid o panonood sa araw-araw na daloy ng tao at panahon.

**Pangwakas**


Bílang pangwakas, nais kong ibahagi ang nalikha kong gambalay o balangkas ng nakaraan ng Pilipinas (Royeca, 2025).

Ang lahat ng mga nangyari sa nakaraan ay patay na. Nakalipas na ang mga iyon, at hindi na maibabalik pa, katulad ng isang bumagsak na dahon ng isang punò, isang bumagsak na eroplano, isang madugong himagsikan, o isang pandaigdigang digmaan. Ang isang dahon na nalaglag ay hindi na muling maikakabit sa kinapitang tangkay nito. Ang isang bumagsak na eroplano ay inaasahang wasak at hindi na maibabalik sa dati nitong anyo. Ang mga napaslang sa isang madugong himagsikan ay hindi na muling mabubuhay pa. Ang mga napinsala ng isang pandaigdigang digmaan ay hindi na rin muling maibabalik pa sa dating anyo at kabuuhan ng mga ito. Dahil patay na ang lahat ng mga nangyari sa nakaraan, ang nakaraan ay katulad ng libingan. Dito nakahimlay ang lahat ng mga nangyari, may kabuluhan man o wala. At ang lahat ay wala nang búhay. Wala nang málay. Katamihikan ang nanaig.

Dahil mistulang isa ngang libingan ang nakaraan, maihahalintulad ito sa Bangang Manunggul. Ang bangang ito ay lagakan ng mga labí ng isang namayapa nang tao. May tatlong bahagi ito: *katawan*, *ulo*, at *potong*. Nakalagak sa katawan ang mga buto ng namayapa na. Ang ulo ay pantakip sa laman ng katawan. Ang potong naman, na inilalarawan ang isang bangka na may tagasagwan at isang mananakay, isinasagisag nito ang paglalakbay patungo sa kabilâng-búhay.

Sa paghahambing ko ng nakaraan sa Bangang Manunggul, sumususog ito sa nailatag na ni Covar na malahenyong konsepto tungkol sa pagkatao ng mga Pilipino. Kung para kay Covar, ang pagkatao ng Pilipino ay kahawig nga ng banga na may labas, loob, at lalim, ang nakaraan naman ay maihahalintulad sa Bangang Manunggul na may katawan, ulo, at potong. Isinasagisag ng katawan ang kinalalagakan ng lahat ng mga nangyari sa nakaraan, may kabuluhan man o wala. Dahil ulo ang luklukan ng kabatiran o pag-alam sa mga bagay-

bagay, isinasagisag naman nito ang mga nangyari sa nakaraan na nakarating na sa ating kaalaman, gaya ng mga nasusulat o di-nasusulat na talâ, kronika, posil, artepakto, at trivia. At isinasagisag ng potong ang mga pilîng pangyayari sa nakaraan na may kabuluhan at dapat nating pag-aralan, dahil, katulad ng inilalarawan nitong paglalakbay, ang gayong pag-aaral ay pamamalakaya patungo sa pilosopiya ng kasaysayan ng Pilipinas: Ang pagtataguyod sa mga kaloobang-bayan.




***Ang balangkas ng nakaraan ng Pilipinas ay katulad ng Bangang Manunggul.***
(Larawan: Pambansang Museo ng Pilipinas at Sentrong Pangkultura ng Pilipinas)

## TALASANGGUNIAN

Abrera, M. B. L. at Lapar, D. A. (Mga Patnugot). (1993). *Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan: Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Historiograpiyang Pilipino*, *27 March - 1 April 1989*. Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas.

Alcina, F. I. (2005). *Historia de las islas e indios de Bisayas ... 1668*. (Kobak, C. J., at Gutierrez, L., Mga Tagapagsalin), *History of the Bisayan People in the Philippine Islands*. UST Publishing House. (1668)

Agoncillo, T. A. (1958 Agosto 24). "An Interpretation of Our History Under Spain." *Sunday Times Magazine*.

Bonifacio, A. (1896) "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog." Nása Santos, J. P. *Si Andres Bonifacio at ang Himagsikan*. (1935). La Opinion.

Bonifacio, A. (1896). "Pag-ibig sa Tinubuang Bayan." Nása Santos, J. P. *Si Andres Bonifacio at ang Himagsikan*. (1935). La Opinion.

*Boxer Codex*. (1591/2016). Vibal Foundation.

Constantino, R. R. (1975). *The Philippines: A Past Revisited*. Tala Publishing Services.

Covar, P. R. (1993). Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino. *Diliman Review 41*(1), pp. 5-11.

Chua, M. C. B. (2014). Ang Kaugnayan ng Mabuting Kalooban sa Dalumat ng Kalayaan at Pagkabansa ng Katipunan. *Saliksik E-Journal 3*(2), pp. 79-91. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F02-Chua.pdf&di=5488

Chua, M. C. B. (2019). Public History sa Pilipinas Tungo sa Isang Kasaysayang Pangmadla. *Historical Bulletin*, *LIII*, pp. 1-41.

*Darangen: In original Maranao verse, with English translation*. (1986). University Research Center, Mindanao State University.

Elumbre, A. L. (2014). Kaisipan at Karanasan sa Ugnayang Panlabas ng Katipunan, 1892-1897. *Saliksik E-Journal 3*(2), pp. 142-168. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F04_Elumbre.pdf&di=5490

Elumbre, A. L. (2020). "Discursive experiments in vernacularizing international studies in the Philippines." Nása F.A. Cruz & N.M. Adiong (Mga Patnugot), *International studies in the Philippines: Mapping new frontiers in theory and practice* (pp. 102-120). Routledge.

Enriquez, V. G. (1978). "Kapwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology." *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, *KLII*(1-4), pp. 100-108.

Esquejo, K. R. (2002). "'Gahum, Kahimtangan, kag Bugal': Isang Alternatibong Pagbasa sa Maagang Kasaysayan ng Misyong Baptist sa Pilipinas, 1898–1922." *MALAY 34*(2), pp. 16-28. https://animorepository.dlsu.edu.ph/malay/vol34/iss2/4/.

Guillermo, R. (2003) "Exposition, Critique and New Directions for Pantayong Pananaw." *Kyoto Review of Southeast Asia*. (3). https://kyotoreview.org/issue-3-nations-and-stories/exposition-critique-and-new-directions-for-pantayong-pananaw/.

Jacinto, E. (1896). "Liwanag at Dilim." Násа Santos, J.P. *Buhay at mga Sinulat ni Emilio Jacinto*. (1935). La Opinion.

Javar, R.C. (2016). Kasaysayang Buhay: Pananaw, Pamamaraan, Pananaliksik. *Saliksik E-Journal*, *5*(2), pp. 1-47.
https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+5+No.+2+%282016%29%2FP%2F04+Pambungad-Javar.pdf&di=11413

Jocano, F. L. (2004). *Hinilawod: Adventures of Humadapnon*. Punlad Research House.

Jocano, F. L. (1965). *The Epic of Labaw Donggon*. University of the Philippines Press.

Jose, dL. M. D. at Navarro, A. M. (2004). Katawan at Kaluluwa sa Kronikang Espanyol: Pagtatalaban ng seuksuwalidad at espiritwalidad noong dantaon 16-18. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, *XII*(1), pp. 64-80.
https://www.academia.edu/93712405/Katawan_at_Kaluluwa_sa_Kronikang_Espanyol_Pagtatalaban_ng_Seksuwalidad_at_Espiritwalidad_noong_Dantaon_16_18.

Katipunan. (1892). Casaysayan; Pinagcasunduan; Manga daquilang cautosan.
https://www.kasaysayan-kkk.info/foundational-documents/casaysayan-pinagcasunduan-manga-daquilang-cautosan-january-1892.

Kimuell-Gabriel, N. (2014). Andres Bonifacio: Kapookan, Kaisipan, at Kabayanihan. *Saliksik E-Journal*, *3*(2), pp. 1-25.
https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FP%2F04+Pambungad-Kimuell-Gabriel.pdf&di=5486

Kimuell-Gabriel, N. (2014). Ang Tundo ni Bonifacio, Si Bonifacio sa Tundo. *Saliksik E-Journal*, *3*(2), pp. 26-78. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2FKimuell.pdf&di=5487

Kimuell-Gabriel, N. (2017). Ang Araling Kababaihan at Kasarian sa Araling Pilipino at Wikang Filipino: Kalagayan at Hinaharap. *Saliksik E-Journal*, 6(2), pp. 1-96. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+6+No.+2+%282017%29%2FP%2F04+Pambungad-Kimuell-Gabriel.pdf&di=13633

Lasco, Lorenz. Ang "Kalibre 45" at ang Pakikibaka ng mga Mandirigmang Pilipino. *Saliksik E-Journal*, *3*(2), pp. 275-306. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F09-Lasco.pdf&di=5495

Loarca de, M. (1582/1903). *Relación de las Islas Filipinas*. Nása *The Philippine Islands 1493-1898*. Emma Blair and James Alexander Robertson (Mga Tagapagsalin). Tomo V. The Arthur H. Clark Company.

Malagar, E. M. (1980). *The Guman of Dumalinao: A Suban-on Folk Epic*. Xavier University, Ateneo de Davao University, Ateneo de Zamboanga.

Maquiso, E. G. (1977). *Ulahingan: An Epic of Sourthern Philippines*, Series 1. Silliman University Press.

Navarro, A. M. at Abejo, R. A. G. (1998). *UP LIKAS—Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan*. UP Lipunang Pangkasaysayan.

Navarro, A. M., Rodriguez-Tatel, M. J. B., at Villan, V. C. (2008). *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan*. Bagong Kasaysayan, Inc.

Navarro, A. M., Orillos-Juan, M. F., Reguidin, J. S., Elumbre, A. L. (2012). *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, at Pagtuturo*. Limbagang Pangkasaysayan.

Navarro, A. M. at Elumbre, A. L. (2014). Nonay: Limot na Bayani ng Himagsikan. *Saliksik E-Journal*, *3*(2), pp. 238-258. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F07+Navarro+at+Elumbre.pdf&di=5493

Navarro, A. M. (2019). Ang kahalagahan ng araling kabanwahan sa konteksto ng globalisasyon at pandaigdigang paglakas ng malayong kanan. Limbagang Pangkasaysayan. Násа dL. Jose, M. D., Navarro, A. M., Ong, Jerome A. (Mga Patnugot). (2021). *Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan*. Department of Social Sciences, University of the Philippines, Manila.

Nunag, A. S. (2014). Mga Bagong Pagtingin kay Andres Bonifacio at sa Katipunan. *Saliksik E-Journal*, *3*(2), pp. 92-141. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F03-Nunag.pdf&di=5489

Ocampo, Nilo (1976). Paunang Salita. Nása Nilo Ocampo (Patnugot), *LIKAS: Dyornal ng Kasaysayan*, *1*(1), pp. v-vi.

Orillos-Juan, M. F. Y. (2016). Kasaysayang Pangkapaligiran at Araling Pangkapaligiran sa Wikang Filipino: Katayuan at Tunguhin. *Saliksik E-Journal*, *5*(1), 1-43. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+5+No.+1+%282016%29%2FP%2F04+Pambungad_Orillos_Juan.pdf&di=9817

Reguindin-Estella, J. S. (2014). Si Trinidad Tecson at ang Kanyang Ambag sa Himagsikang Pilipino (1896-1898). *Saliksik E-Journal*, *3*(2), pp. 259-274. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F08-Reguindin-Estella.pdf&di=5494

Rizal, J. “Ang Pilipinas sa Loob ng Sandaang Taon.” (1889/1961). *Mga Akdang Pampulitika at Pangkasaysayan ni Jose Rizal*. Panandaang Taóng Palimbag. Pambansang Komisyon ng Ikasandaang Taon ni Jose Rizal.

Rizal, J. (1890/1962). “Pambungad.” Sa Antonio Morga, *Mga Pangyayari sa Sangkapuluang Pilipinas*, Mexico, 1609. May mga anostayon ni Rizal. Pambansang Komisyon ng Ikasandaang Taon ni Jose Rizal.

Rizal, J. (1890/1961). “Tungkol sa Katamaran ng mga Pilipino.” *Mga Akdang Pampulitika at Pangkasaysayan ni Jose Rizal*. Panandaang Taóng Palimbag. Pambansang Komisyon ng Ikasandaang Taon ni Jose Rizal.

Rodriguez-Tatel, M. J. B. (2014). Dalumat ng “Inang Bayan” at ang Pananaw ni Andres Bonifacio sa Kababaihan. Saliksik E-Journal, 3(2), pp. 214-237. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F06+Rodriguez-Tatel.pdf&di=5492

Rodriguez-Tatel, M. J. B. (2015). Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa wikang Filipino: Pagpopook at pagdadalumat sa loob ng kapantasang Pilipino. *Humanities Diliman 12*(2), pp. 110-179. https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/4909/4422.

Rodriguez-Tatel, M. J. B. (2019). “Paunang Salita.” Sa Atienza, J. A., Dela Paz, D., Magpayo, J. A., at Rivas, A. (Mga Patnugot), *LOOB: Ang Saklaw ng Kasaysayan ng Bansa*. Bagong Kasaysayan, Inc.

Royeca, J. E. (2025). “Ang Bangang Manunggul Bílang Gambálay ng Nakaraan.” Takdang Gawain Blg. 1 na ipinása kay Dr. Mary Jane Rodriguez-Tatel para sa PS 302, Ikalawang Semestre, TA 2024-25, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Salazar, Z. A. (1983). A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History. Nása Salazar, Z. A. (Patnugot), *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology* (pp. 107-126). Counselling Center for Filipinos, Caritas Association for the City of Cologne.

Salazar, Z. A. (1991). Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan. Nása Bautista, V. at Pe-Pua, R. (Mga Patnugot), *Pilipinolohiva: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik* (pp. 46-72). Kalikasan Press.

Salazar, Z. A. (1998). *The Malayan connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Bagong Kasaysayan Inc.

Santos, M. J. P. at Tugano A. C. J. (Mga Patnugot). (2019). *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar*. Bahay Kasaysayan, Inc.

Santos, M. J. P. (2019). Paunang Salita. Sa Asumbrado, A.P., Monilla, P. L., Nunag, A. L. L. Nunag, at Quibot, A. S., *Ang Pilosopiya ng Kasaysayang Rehiyunal; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar* (pp. 11-20).

Santos, M. J. P. (2022). Ang 1872 sa Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Pagsusuring Historiograpikal sa Ilang Pilipinong Historyador. *Tala: An Online Journal of History*, *5*:1, pp. 74–88. http://talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/81

Santos, M. J. P. (2023). Pantayong Pananaw Bilang Dulog sa Teolohiyang Pilipino (From-Us-for-Us Perspective as an Approach to Filipino Theology). *Mabini Review*, *12*, pp. 109-149. https://ejournals.ph/article.php?id=22401

Tan, A. Q. (2014). Nasyonalismo at Pagkakakilanlan sa Musika ng Iglesia Filipina Independiente: Pagsusuri sa Misa Balintawak ni Bonifacio Abdon. *Saliksik E-Journal*, *3*(2), pp. 307-334. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F10-Tan.pdf&di=5496

Tatel, C. Jr. P. (2018). Liktao at Naratibo: Salaysay ng Nakaraan, Saysay ng Sinaunang Bayan. *Saliksik E-Journal*, *7*(3), pp. 1-14. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+7+No.+3+%282018%29%2FA%2FPambungad+ng+Patnugot.pdf&di=18043

Tugano, A. C. J. (2023). Pambungad ng Editor. Nása Tugano, A. C. J., *Banwa at layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat* (pp. 1–81). Limbagang Pangkasaysayan. https://pages.upd.edu.ph/sites/default/files/capili/files/tugano_banwaatlayag_ed.2023.pdf

Tugano, A. C. J. (2025). Pagtatalaban ng Butò at Púki sa mga Salaysaying Bayan: Isang Kabanwahang Pagsisiyasat sa Kamalayang Katutubo Ukol sa Kasarian at Seksuwalidad. *MALAY*, *37*(2), pp. 50-73. https://animorepository.dlsu.edu.ph/malay/vol37/iss2/6/

Veneracion, J. B. (1971). Pagbabalik-Aral sa Tradisyong Historikal ng Pilipinas, 1900-1960. *Katipunan: Dyurnal ng Panlipunang Sining at Agham*, *I*(2) (9-24).

Villan, V. C. (2013). Ilub, Unong, at Amok: Pag-unawa sa Katatagan ng Buut ng mga Bayani sa Himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898. *Diwa E-Journal 1*(1), pp. 58-92. https://www.pssp.org.ph/diwa/wp-content/uploads/2014/09/06-Artikulo-Villan.pdf.

Villan, V.C. (2014). Kasakupan, Pag-uugnayan, at Pag-iilihan: Isang Paggunita at Pagsasakasaysayan sa Katipunan at Himagsikang Pilipino sa Capiz, 1896-1898. *Saliksik E-Journal*, *3*(2), pp. 169-213. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F05-Villan.pdf&di=5491

Villan, V.C. (2017a). Kahulugan, Larangan, at Kabuluhan: Ang Panubliong Bahandi ng Pangkat-Etnikong Bisaya sa Pag-Aaral ng mga Pamanang Bayan sa Kanlurang Kabisayaan. *Saliksik E-Journal*, *6*(1), pp. 272-299. https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+6+No.+1+%282017%29%2FArticles%2F11+Artikulo-Villan.pdf&di=11799

Villan, V. C. (2017b). Kappanimad-On: Ang Adaptibong Kasangkapang Pangwika at Pagtingin sa Ilang Tala Ukol sa Pagpapayabong ng Kaalamang-Bayan sa UP Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya. *TALAS: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura*, *2*, pp. 211-230. https://philippineculturaleducation.com.ph/wp-content/uploads/2019/07/talas-journal-02.pdf

Villan, V. C. (2020). Gunitang Bayan at Salaysaying Bayan: Ang Pamanang-lahi sa Pag-unawa ng Kalakarang Panlipunan at Produksiyong Pangkaalaman sa Pilipinas. *Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura*, *5*, pp. 238-258. https://philippineculturaleducation.com.ph/wp-content/uploads/2021/07/TALAS-5.pdf

Villan, V. C. (2022). Pagtalakay sa kasaysayan at nakaraan. Klase sa Kas 324, TA 2022-23, Unang Semestre, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Villan, V. C. (2023). Ang larong sungka bilang pamanang bayan sa pananaliksik at pagbuo ng kaalamang pangkasaysayan sa Pilipinas. *NEU Kaningningan Journal: An Interdisciplinary and Multidisciplinary Journal of New Era University Center for Philippine Studies, 2*(1), pp. 37–70. https://neuresearchcenter.com/2025/04/05/ang-larong-sungka-bilang-pamanang-bayan-sa-pananaliksik-at-pagbuo-ng-kaalamang-pangkasaysayan-sa-pilipinas/

Ubaldo, L. R. C. (2016). *Mun-udi: Ang Panday na Ifugao bilang Tagapag-ingat ng Taal na Kaalaman*. Cordillera Studies Center, University of the Philippines Baguio.

**ABOUT THE AUTHOR**

Jon E. Royeca has two history degrees: a bachelor's from CAP College Foundation (an alternative learning school) and a master's from the University of the Philippines Diliman. Since 2000, he has already published more than 200 short stories, essays, and poems in various local magazines. A native of Catarman, Northern Samar, Royeca is the author of the books Jose Rizal: How Filipinos Hailed Him As Their Greatest Hero and An Institutional History of the National Archives of the Philippines (1889-2019), published in 2022 and 2023, respectively, by Central Books, Inc.